


# *HUMAYO KAYO, SABIHIN*

## *SA AKING MGA ALAGAD*

 Isang pribilehiyo, nga, ang makadako sa bahay ng Diyos sa umagang-umagang ito, at sambahin ang ating Panginoon, ang ating Cristo na nabuhay mag-uli. Oh, isa ngang... Kararating ko lang, kani-kanina. Ang ganda ng ginanap nating pagtitipon kagabi para sa pagmimisyon, puspusan ang gawain, na umabot ang pangangaral hanggang sa maghating-gabi. At hanggang sa umagang ito ay sasamba tayo sa ating Panginoong Jesus Cristo. Tunay na kahanga-hanga po talaga ang magkasama-sama tayo rito, para magtipon!

<sup>2</sup> Gaya ng sinasabi ni Kapatid na Thom, ang araw na ito ang araw na pinatunayan Niya kung ano nga Siyang talaga. Kahit sino kasi'y puwedeng mamatay, pero kinakailangan na Diyos para magbangong muli. Sa buhay Niya, Siya'y gaya ng Diyos, Siya'y nangaral gaya ng Diyos, Siya'y nagpagaling gaya ng Diyos, Siya'y kumilos gaya ng Diyos. Siya ay Diyos. At Kanyang pinatunayan nung umaga ng pagkabuhay na Siya ay Diyos. Siya'y higit sa tao. Hindi Siya propeta, pero Siya mismo ang Propeta. Siya'y mabuting tao, pero higit Siya sa mabuting tao. Siya ay Diyos. At kaya po ito ang araw, ng paggunita sa pagkabuhay Niyang mag-uli, na Kanya 'yung pinatunayan.

<sup>3</sup> Kung tayo'y maglalakbay ngayong umaga, at pupunta sa Ilog ng Ganges, makikita n'yo dun ang mga nanay na inihahain nila ang maliliit nilang mga sanggol sa buwaya, mga buwaya, inihahagis ang mga sanggol sa buwaya. Kung sinseridad lang kanyo ang pag-uusapan? Kinukuha ng mga nanay na 'yun ang malulusog nilang mga sanggol at iniitsa sila sa mga buwaya para sakmalin. Sobrang pagka-sinseridad 'yun.

<sup>4</sup> Kung magpupunta tayo ng India, ngayon, masusumpungan n'yo dun, sa mismong gilid ng kalsada, marami ang marahil humihiga sa mga pako, naglalakad sa apoy, at pinahihirapan ang kanilang sarili sa kung anong paraan. Ang ilan sa kanila, ay hayan nga, nagpapasiklab lang, dahil sa mga turista. Pero dun sa mismong liblib ng bansa ay may totoo dun na humihiga, sinasaktan ang sarili, iniisip na makakasumpung siya sa ganun ng kapahingahan at kapayapaan, dalangin—dumadalangin kay Mohammed.

<sup>5</sup> Nakakaawang tingnan, isang araw nun, habang paakyat ng Golgota, papasok sa bayan... o labas ng bayan ng Jerusalem, ang ibig kong sabihin. Dun mismo sa lugar kung saan ginanap ang pagpapako sa krus, sa isang libingan ni Mohammed, may

isang babae dun na nakalupasay siya sa kaunting damuhan na kinalalagyan niya, may lumang piraso ng itim na tinapay. Ilang araw na siyang nakalupasay dun, umiiyak para sa kaluluwa ng minamahal niya sa buhay na yumao na; dun mismo sa lugar kung saan itinayo noon ang krus. At, hayan nga, ang makita ang mundo sa ganoong klaseng paganong kondisyon!

6 Nakausap ko minsan si Kapatid na Gadus, di pa katagalan, kagagaling lang niya noon ng Tsina. Sabi niya, “Kapatid na Branham, kaawa-awang tingnan ang bagay na ‘yun, sa Tsina.” Sabi, “May ilan dun na marahil mag-aapat na taon na silang nakataas lang ang mga kamay, ganoong kahabang panahon, na humaba na tuloy ang mga kuko nila sa kamay, humaba na nang husto. Sabi, ‘hinding-hindi ko ibababa ang kamay ko hanggang sa pagkalooban mo ng kapayapaan ang kaluluwa ko, dakilang Buddha.”

7 At—at may maliliit ding mga bata dun, na sa murang edad, binabali nila ‘yung mga paa nung mga bata sa bandang paarko ng paa, nang *paganito*; at nasa dos o tres na sukat ng sapatos lang ang naisusuot nila, buong buhay nila; maiiksi ang paa, dahil paghahain daw nila ‘yun sa kung anong paganong diyos.

8 Nabisita ko na noon ang libingan ng halos lahat ng mga nagsipagtatag ng relihiyon; kay Mohammed, at maging sa—sa libingan ni Buddha, at Confucius, at marami sa mga batikang kalalakihan ng pilosopiya.

9 Pero, ngayon, sa ibabaw ng lahat ng ito, magagawa natin na mga Cristiano na magtaas-noo at umawit, “Siya’y buhay, Siya’y buhay, si Cristo Jesus ay ngayo’y buhay. Tatanungin n’yo ako marahil kung paano kong nalamang Siya’y buhay; haya’t Siya sa loob ng puso ko ay buhay.” At ngayon ay may libingan tayong walang laman.

10 Mga dalawang taon ang nakararaan nagpunta ako noon sa libingan, isang umagang-umaga, para maglagay ng bulaklak sa libingan ng nanay ng maliit kong anak na lalaki, nanay niyang namatay, at maliit niyang kapatid na babae na nakahimlay sa bisig ng nanay niya, dito sa Walnut Ridge Cemetery. At habang papunta dun, ‘yung maliit kong anak na lalaki’y napasinghot, nang dalawa o tatlong beses, tapos naiyak siya, habang dala-dala ang maliit na paso ng mga bulaklak. Lumuhod kami dun, tinanggal namin ang sumbrero namin; at inilapag namin ‘yun sa libingan, sa tabi ng libingan. At itinaas ko ang kamay ko, at idinantay ko ang mga bisig ko sa kanya.

11 Sabi ko, “Billy, heto ang nanay mo at maliit mong kapatid na babae. Nakalibing diyang sa ilalim ng lupa ang katawan nila. Ang mga kaluluwa nila, ay nasa Presensya ng Diyos. Pero sa kabilang ibayo ng dagat, sa ibayo, ay may libingang walang laman ngayon dun, na isang bantayog para sa lahat ng mga Cristiano. Siya’y buhay.” Siya’y buhay. Ito ang pangunahing kinasasaligan ng

ating—ng ating pananampalataya bilang mga Cristiano, na si Jesus Cristo ay buhay ngayon.

<sup>12</sup> Ngayon, gaya ng nakasulat sa papel. . . Ngayon, kadalasan, sa Araw ng Pagkabuhay na pagbubukang-liwayway na gawain natin, kadalasan ay may—may paawit tayong isa, o dalawa, at inilalaan natin ang oras dito sa Tabernakulo. . . Kung may mga bisita po tayo rito sa piling natin, buweno, mas maraming oras kami rito na inilalaan sa Salita. Tayo’y kalugud-lugod na mga taong nananampalataya sa Salita ng Diyos. At sa batayan pa lang, sa palagay ko, ito ang dapat tugaygaying daan at ito ang tama talagang pinagbabatayan. At ngayon may ilan—ilan ako ritong mahahalagang bagay na nais kong ipangusap, tungkol sa pagkabuhay na mag-uli, mga bagay na mahalagang batayan. At maging ako ay gusto kong maglista rito ng ilang mga bagay, mismo, habang ipinangusap ko ito.

<sup>13</sup> Unang-una, bumuklat po tayo rito sa Kasulatan, sa Mateo sa ika-24 na kabanata, o sa ika-22 kabanata, pala, at simulan natin sa ika-41 talata. Nais kong magbasa ng isang teksto mula sa Kasulatan, at pagkatapos dadalhin natin sa pagkabuhay na mag-uli. Ang tema ng gawain ko sa umagang ito, ay makikita rito. “Habang nagkakatipon ang mga Fariseo. . .” Pasensya na po. Mali—mali ang nabuklat ko, dito sa teksto na dapat kong basahin. Dito po—dito po pala sa Mateo sa—sa ika-23 kabanata, sa palagay ko. . . Sandali lang po. Pasensya na po, dahil, gabi na ako masyado kagabi at di ko naayos nang husto ang teksto ko, ngayong umaga, kung saan ko ba hahanapin ang babasahin kong Kasulatan. Oh, heto na po.

. . . humayo kayo *sabihin sa aking* mga alagad na sila ay katatagpuin ko sa *Galilea*, . . .

<sup>14</sup> Sige, po. Ngayon, si Jesus Cristo, na Anak ng Diyos ay nag-utos dito sa mga hapis na hapis na kababaihan, pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, na Siya ay. . . o kung ano ang Kanyang gagawin. Pinasasabi Niya sa kanila na Kanya silang katatagpuin sa Galilea, kung saan Niya ipinangako na—na Siya ay—Siya ay magpapakita sa kanila, at haya’t Siya’y sasakanila magpakailanman.

<sup>15</sup> Ngayon sa ika-28 kabanata ng Mateo, po pala, at simulan natin sa ika-7 talata, mababasa natin dito.

*At humayo kayong madali, at sabihin sa kaniyang mga alagad na siya’y nagbangon sa mga patay; at, narito, siya’y nangunguna sa inyo sa Galilea; doon makikita ninyo siya, narito, nasabi ko na sa inyo.*

<sup>16</sup> Yun ’yung mensahe ng Anghel sa mga kababaihan, kay Maria at. . . sa dalawa pang Maria. Panahon ’yun ng. . . kauna-unahang umaga ng Pagkabuhay; narinig ang maluwalhating mga balitang ’yun.

17 Nung Siya'y narito nga noon sa lupa, lumakad Siya bilang isang Tao, Siya ay itsurang katulad ng Tao. Ang Kanyang buo Niyang—buo Niyang panlabas na anyo ay Tao; pero, sa loob, Siya nga'y higit sa sangkatauhan. Siya ang Emmanuel. Ngayon po ang araw ng pag-alaala sa pinakadakilang pangyayari na naganap kailanman sa buong mundo. Walang kahit sinong tao, liban sa Taong ito, na si Cristo Jesus, Ang maaaring magsabi, "May kapangyarihan Akong ibigay itong buhay Ko, at may kapangyarihan ding kunin itong muli."

18 Si Confucius, siyanga, at Mohammed, at Buddha, marami sa kanila, ay talagang mga dakilang kalalakihan ng pilosopiya; pero, noong mamatay sila, hanggang dun na lang sila. Tapos na sila magpakailanman. Inilibing nila sila, at 'yun na . . . dun na nagtapos.

19 Pero ang Taong ito ay may kapangyarihan na ibigay ang Kanyang buhay at ibangon itong muli. Ang nag-iisang Tao na may kakayahang gawin 'yun; ang tanging Isa na nakagawa, napatunayang nagawa Niya talaga 'yun.

20 At, ngayon, haya't sa tuwina'y kinatatakutan ng tao, mula pa ng unang kapanahunan hanggang ngayon, ang kamatayan. Bawat taong dumating sa mundo ay laging takot sa kamatayan. Mga dakilang . . . Nagkaroon tayo ng mga Napoleon, nagkaroon tayo ng mga Hitler, at lahat na; pero pagdating sa oras ng kamatayan, bawat isa sa kanila'y tumitiklop. Nakarinig na ako ng mga nagsasalita at ipinagmamalaki pa ang matitindi nilang paglalapastangan sa Diyos; pero, pagdating sa kamatayan, sila, bawat isa, ay tumitiklop.

21 Gaya ni Bob Ingersoll, na isang kilalang hindi naniniwala sa Diyos, nung ilabas niya ang relo niya at ipakita 'yun sa mga tao, at nagsabi, "Kung may Diyos, mamamatay ako sa mismong minuto, ng pagtiktak ng relong ito." Pagkatapos, nung lumipas na 'yung minutong 'yun, hindi siya namatay. Nagmalaki siya't nagtawa nang malakas "ha-ha," at nagsabi, at ang sabi, "Kita n'yo, walang ganoong bagay na sinasabi nilang Diyos." Pero nung . . .

22 Siyanga nama't, katuparan lamang 'yun ng Kasulatan. Ang sabi kasi ng Kasulatan, haya't, "Paparito ang mga manunuya sa huling mga araw," at hayan nga sila sa atin.

23 Kaya sabi niya, "Ngayon, kita n'yo, wala talagang ganyan na sinasabi nilang Diyos." Pero sa kuwarto sa may ospital nung malapit na siyang mamatay, kung saan marami ang nagpunta para masaksihan kung anong mangyayari, napasigaw siya, "Oh Diyos, kahabagan Mo ang kaluluwa ko!"

24 Ang tatay ko ay isang malapit na kaibigan sa . . . o, di po matalik na kaibigan, pala, sa isang kilalang di naniniwala sa Diyos. At sabi niya, "Walang ganyang bagay na sinasabi nilang Diyos." Kasumpa-sumpa sa kanya ang mismong kaisipan na may

Diyos. Yung kanyang asawa'y inihahanda niya ang kalesa at nagpupunta sa simbahan, at siya nama'y nagpupunta sa sakahan at nag-aararo sa kanyang maisan sa Linggo, at lahat na, para lang ipakita na walang ganoong bagay raw na sinasabi ng ilan na Diyos.

<sup>25</sup> Isang araw, katutumpok lamang niya nung mga trigo niya, at bigla na lang 'yung tinamaan; may kidlat na tumama, at nasunog 'yun. Lumabas siya at itinaas niya ang kamay niya at isinumpa ang mismong kaisipan na may Diyos. At, nung gawin niya 'yun, haya't may kidlat na tumama uli sa kamalig niya kung saan may ilang magagandang kabayang pangkarera siya roon, at namatay ang lahat ng 'yun, bawat isa.

<sup>26</sup> At ilang linggo pagkatapos nun, dinapuan siya ng tipus na lagnat nung minsang lumakad siya, at namatay, at ang tatay ko ay naroon at pinipigilan siyang mahulog sa kama. At sumigaw ang lalaki at napahiyaw, na may mga diyablo raw, na may mga kadenang itinatali sa kanya, kukunin na raw siya, at lahat na. At nung talagang mamamatay na siya, tinawag niya ang buong pamilya niya, maliliit niyang anak. Sabi niya, "Huwag kayong mapadpad sa daang tinahak ng itay. Lumakad kayo sa daan na tinatahak ng inyong inay, dahil 'yun lang ang nag-iisang daan sa Buhay."

<sup>27</sup> May aklat po ako sa bahay, at naroon ang patotoo ng ilang sikat na tao, katulad ng dakilang . . . isa sa mga dakilang reyna ng—ng Inglatera, at ilang kalalakhian. Nung sila'y pahakbang na't papunta na sa kamatayan, sila'y sumigaw at napahiyaw.

<sup>28</sup> Ang Reyna Elizabeth, ng Inglatera, sabi, "Kung bibigyan lang sana ako . . . ibibigay ko ang kaharian ko kung mabibigyan lang sana ako ng limang minuto pa ng buhay, nang sa gayon makapagsisi ako, at maitama ko ang puso ko sa Diyos."

<sup>29</sup> Isa pang dakila't kilalang lalaki, sabi, "Pahakbang ako sa kadiliman. Hindi ko alam kung saan ako papunta. Kung ako lang sana'y . . ."

<sup>30</sup> At isa pang bantog na ateista, ang sabi, "Para bang may dalawang pader, at sumigaw ako, at," sabi, "pabalik-balik lang ang alingawngaw nang pader sa pader." Yun lang ang naririnig niya. Isinantabi niya kasi ang araw ng kaligtasan hanggang sa huli na ang lahat.

<sup>31</sup> Pero heto ring naisip ko ang dakila't, kilalang mga lalaki na namatay, na naniniwala sa Panginoon nating Jesus Cristo at sa Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Naiisip ko, heto nga, si—si D. L. Moody, nung malapit na siyang mamatay, marami ang nagkuwento. "Aba, kamatayan ba itong maituturing?" Sabi niya, "Ito ang araw ng pagpuputong ko." At naisip ko, nung—nung si John Wesley, nung malapit na siyang mamatay. Nung si Abraham Lincoln ay barilin at maraming dugo ang nawala sa kanya hanggang mamatay, nakahandusay sa—sa lugar na 'yun.

<sup>32</sup> Dumaan ako sa isang museo minsan, at doon nga ito sa Illinois, di pa katagalan. May nakita akong matandang itim na lalaki na may kaunting buhok na puti na lahat at nakapaligid na lang sa kanyang ulo, naglalakad, napatingin. Tapos bigla na lang siyang napatigil, at may mga luhang tumutulo sa kanyang mga pisngi. Umatras siya at nagsimulang manalangin. Akin siyang pinanood nang ilang minuto. Naglalakad-lakad din ako, noon, kaya lumakad ako sa kanya at sabi ko, “Tiyo, ano pong nangyari? Napansin kong nananalangin po kayo.”

Sabi niya, “Tingnan mo, ang nakalagay riyen.”

<sup>33</sup> Buweno, tumingin ako para makita kung anong nakalagay dun, at ang tanging nakita ko lang ay isang amerikana. At kaya sabi niya . . .sabi ko, “Amerikana lang po ang tanging nakikita ko.”

<sup>34</sup> “Pero,” sabi, “tingnan mo, ginoo.” Sabi niya, “Sa ilalim ng amerikana ko ay peklat mula sa sinturon ng pagkaalipin.” Sabi niya, “At ’yan diyen ang dugo ni Abraham Lincoln.” Sabi niya, “Kinailangan ng dugo ni Abraham Lincoln para matanggal ang sinturong ito ng pagkaalipin mula sa akin.”

<sup>35</sup> Naisip ko, “Kung ’yung bagay na ’yun ay nagpaantig sa itim na lalaking ’yun, dahil dun sa dugo ni Abraham Lincoln, dahil natanggal nun ang sinturon ng pagkaalipin sa kanya; ano kayang mas malaki ang halaga ng Dugo ni Jesus Cristo para sa mananampalataya, sa tuwing titingin tayo sa Kalbaryo at dun ay makikita natin na Kanyang tinanggal na ang sinturon ng pagkaalipin ng kasalanan mula sa ating mga puso, at pinalaya tayo,” na ipinangungusap natin, nitong huling ilang gabi. Kay laki ng ibinigay na pagbabago Nito!

<sup>36</sup> Si Abraham Lincoln, nung siya’y malapit nang mamatay, may pinaka layunin nga siya noon. At nung siya’y . . .pero nung siya’y mabaril dun, sa malaking katedral na ito, at siya ay malapit nang mamatay sa kanyang highaan, sabi niya, “Ibaling n’yo ang aking mukha sa lumulubog na araw.” Papalubog na ang araw nung gabing ’yun. Sa paghinga ni Lincoln, haya’t napupunta ang dugo sa kanyang бага. Sa tuwina’y nagtiwala siya sa Diyos. Sabi niya, “Itaas n’yo ang mga kamay ko.” At itinaas niya ang kanyang kamay. Sabi niya, “Ama namin na nasa Langit Ka, sambahin nawa ang Pangalan Mo,” sabay yuko sa kanyang ulo at lumisan na sa kanya ang espiritu.

<sup>37</sup> Si Paul Radar, na matalik kong kaibigan, na sumulat ng pinaka tema kong awitin na, *Only Believe*; nung siya’y malapit nang mamatay yumao, isinandal niya ang kanyang balikat, ulo sa balikat ng tagapangasiwa ng gawain ko, na si G. Baxter. Siya’y naging napakasigasig at magiting na lalaking naglakbay sa mga dagat at ibayong-dagat, at lahat na, at sa dako roon ay nahaluan siya, at nahaluan ng ilang pundamentalista, at siya nga’y alalang-alala sa kanyang mensahe hanggang sa malapit na

siyang mamatay. At nung mamamatay na siya, nakaratay siya sa silid, at malapit nang mamatay, siya'y naghihingalo't malapit na talaga.

<sup>38</sup> At heto nga ang tunay na katagumpayan sa isang tao. Isa po siyang kilalang masayahing tao sa tuwina, si Paul nga, gaya ng pagkakakilala n'yo sa kanya. Nagpadala sila dun ng quartet mula sa munting Moody Bible Institute. At nakababa nga noon 'yung mga pananggalang sa araw, sa lahat ng bintana, nung malapit na siyang yumao. Bumangon siya, tumingin. Umiling siya, at sabi niya, "Sino ba ang mamamatay, kayo o ako?" Sabi, "Itaas n'yo ang mga kurtina, at awitan n'yo ako ng mabubuti't, masasayang, para sa pagkabuhay na mag-uling, Ebanghelyong mga awitin."

<sup>39</sup> At nung magsimula na silang umawit nang ganoon, sabi niya, "Nasaan na ang kapatid kong, si Luke?"

<sup>40</sup> Dinala nila dun ang kapatid niya. Si Luke ang nakakasama niya sa mga gawain gaya ng anak kong lalaki sa akin, at sa iba pa. Si Luke ay nasa kabilang silid, umiiyak. Pumasok si Luke; isang lalaki na malalapat ang balik, siguro kilala n'yo siya. Siya at si Ma Sunday, at lahat sila, ay naroon.

<sup>41</sup> Nung bumaling siya, hinawakan niya si Luke sa kamay, sabi, "Luke, marami tayong pinagdaanan na magkasama. Pero, isipin mo nga ito, sa loob ng limang minuto mula ngayon, ako ay tatayo na sa Presensya ni Jesus Cristo, na nadaramtan ng Kanyang kaluwalhatian."

Ang buhay na ipinamuhay ng mga dakila'y  
paalala

Na buhay nati'y magagawang maipamuhay  
nang kahanga-hanga,  
Dahil sa kanilang paglisan, sa atin ay iniwan  
Ang kanilang pinagbakasan sa panahong  
buhanginan;

Mga bakas ng paa, na muli na namang ang iba,  
Na ating kasamaha'y sumalimbay sa maringal  
na karagatan ng buhay,

Mga namaalam nating kapatid na sa ati'y  
dalamhati ang hatid,

Muli silang makikita, muling mabubuhay ang  
pag-asa.

<sup>42</sup> Naiisip ko itong *Ang Salmo Ng Buhay*, ng dakilang Ingles na makata, si Longfellow, nung isulat niya ito. Tumayo ako sa libingan niya, dito mga ilang buwan na ang nakararaan. Naisip ko ang dakila niyang tula na ito at kung ano ang naiambag niya sa mundo, at ako'y. . . Itong *Salmo Ng Buhay* ay isa sa mga paborito ko. Ang kamatayan ay kinakatakutan sa tuwina. Ito'y kinakatakutan ng tao, mula pa noong simula't simula pa. Mula

pa, dun sa halamanan ng Eden, kinakatakutan na ng tao ang kamatayan.

<sup>43</sup> Naiisip ko ang dakilang propetang, si Job, nung maupo siya dun nung panahon na 'yun at alam na niyang yayao na siya. May dakilang pangangaral siya na binigkas dun, na makukuha natin sa Job 14. Kung paanong pinagmamasdan niya ang mga bulaklak; kung papaano sila namamatay at nagbabalik muli. Kung paano niya pinagmasdan ang mga punongkahoy; na kung may ihip na malakas na hangin, mabubuwal ito, bubuwalin ito ng hangin. "Mamamatay, pero muling nabubuhay," sabi niya. "Sa pamamagitan ng kaunting patak ng—ng tubig, oo," sabi niya, "ito'y nabubuhay." Pinagmamasdan natin ang ating—ating—ating mga alagang hayop, at iba pa, habang sila'y nabubuhay at namamatay. Bawat nilalang na may pagkilos sa kanya, kapag ito'y namamatay, hindi na ito nabubuhay pa.

<sup>44</sup> Kaya nagtaka si Job kung paanong nagagawa ng Diyos na kunin ang bulaklak at buhayin 'yung muli, at samantalang siya ay di man lang kayang mabuhay uli. Sabi niya, "Oo, ang tao ay nalalagutan ng hininga, siya'y pumaparam, at saan kaya siya naroon?" Ang sabi niya, "Ang mga anak niya'y nagsisipunta para parangalan siya, pero di niya ito nalalaman." Pagkatapos sinabi rin niya, "Oh, Ikaw na ikinukubli ako sa libingan, Ikaw na iniingatan ako sa isang lihim na dako, hanggang ang Iyong poot ay makaraan. Iyo akong tinakdaan ng takdang panahon at mga panali, at hindi ako makaraan. Subalit kung Iyo lamang akong iingatan sa lihim na dakong iyon hanggang sa araw na ang Iyong poot ay . . ."

<sup>45</sup> Sa kalagitnaan ng kanyang pagkabalisa, sa mismong oras na 'yun na pinakamadilim, dun mismo sa pinaka importanteng sandali na 'yun, haya't dumating ang kalugud-lugod na si Elihu at nagsimulang mangusap sa kanya; sinasabi sa kanya na ang bulaklak ay di nagkasala; na siyang tao ang nagkasala, at may paparating na pagkabuhay na mag-uli. "Isang araw darating ang Isang Matuwid na Ito, na pinaging makisama sa sanlibutan na ito, at sa anyo ng larawan ng Diyos, na pinaging hubog ng tao. Aakuin Niya sa Sarili ang anyo ng makasalanang laman, sa pamamaraang ito, at tatayo sa gitna ng galit, na banal na Diyos at ng taong lipos ng kasalanan, at iaabot ang Kanyang mga kamay sa dalawang ito at pag-uugnayin."

<sup>46</sup> At nung makita 'yun ni Job, siya'y tumuon sa pagkabuhay na mag-uli ng Panginoon. Nakita niya 'yun. Ngayon pansinin. Sa madaling sabi, sinusubukan ni Job unawain 'yun, na, "Alam ko na kapag ang tao ay mapunta sa alabok ng lupa, siya ay nabubulok lang at napaparam. Pinagmamasdan ko siya. Hindi siya nagbabangong uli. Siya'y nahihimlay lang at nalalagutan ng hininga, at naglalaho lang siya. At saan siya naroon? Walang nakakaalam kung saan siya naroon. Subalit napapansin ko ang



ibang bagay na nanunumbalik galing sa patay, pero ang tao ay hindi.”

47 Pagkatapos nung ang propetang ito ay mapasa Espiritu, unti-unting ipinapakita sa kanya ng Diyos ang magaganap; na may Isa Na mag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan, at babangon muli. Nakita niya ang pagkabuhay na mag-uli ng Panginoon. Haya't, gustung-gusto ko ito, kapag naiisip ko. Ang sabi niya'y tumayo siya. Siya'y nanginig sa pagkaantig.

48 Siya'y matagal-tagal nang nakaupo sa abo. Grabe! Itong tinatawag natin, ngayon, na kamalasang tumama sa kanyang sambahayan. Lahat ng mga anak niya'y namatay. Lahat ng kayamanan niya'y naglaho. Maging kalusugan niya'y di maayos ang lagay. Nakaupo siya roon, na isang Cristiano, o isang mananampalataya, nakaupo roon, pinabayaan. Grabe, maging ang iglesya niya, ay tumalikod na sa kanya. Nakaupo siya roon, na kinukutkot ang kanyang mga bukol.

49 At nung lumukob sa kanya ang Espiritu ng Panginoon, at nakita niya ang pagkabuhay na mag-uli sa umagang ito, alam n'yo, tumayo siya, at sabi niya, “Talastas ko na Manunubos sa akin ay buhay, at sa kahuli-hulihan Siya'y tatayo sa lupa. At sirain man ng uod ang katawan na ito, gayon ma'y makikita ko sa laman na ito ang Diyos; Na makikita ko sa akin mis-...” Alam niya na makikita niya Siya sa huling mga araw dahil may pagkabuhay na mag-uling magaganap, isang pangkalahatang pagkabuhay na mag-uli.

50 Naiisip ko si David, nung siya'y papatanda na. Sa pagiging dakila niyang hari, ang Diyos ay sumumpa sa kanya, na sa bunga ng kanyang balakang ay kanyang palilitawin si Cristo na luluklok sa kanan Niya. Haya't nakikinita ko si David, nung siya'y matanda na, malapit na sa dulo ng kanyang tahakin, at lahat ng pisikal niyang lakas ay halos naglaho na. Sabi niya, “Oo, ang kaluluwa ko'y makapapanangan sa pag-asa, sapagkat hindi Niya titiisin na ang Kanyang Banal na Ito ay makakita ng kabulukan; ni Kanyang iwan ang Kanyang kaluluwa sa sheol.” Nakita niya bago pa man si Jesus, ang pagkabuhay na mag-uli ni Cristo; at nababatid niyang ang Kanyang katawan ay hindi mananatili sa alabok ng lupa, bagkus magbabangong muli.

51 Naiisip ko si Abraham sa panahon niya noon nung maupo ang Diyos sa tabi niya, at nagsabi, “Ngayon, Abraham, ikaw ay papatanda na, at lampas na ang mga taon mo, kayong dalawa ni Sarah. Pero, gayong lampas na kayo sa taon ng pagkakaroon ng mga anak, gayunman ay pagkakalooban Ko kayo ng anak sa pangako.” Pagkatapos itong paglalakbay ni Abraham at kung paano siya nagpunta sa isang lupang pangako, at naghintay sa dakong 'yun sa takdang panahon na ang pinagpalang iyon ay darating, na sumasagisag kay Cristo Jesus.

<sup>52</sup> At pagkatapos ng dalawampu't limang taon ng pagsampalataya sa pangakong ito, bago matupad ang pangako, mangyaring nagpakita ang Diyos kay Abraham, at ipinakita sa kanya, na sa kamatayan, Kanyang ipapako ang Kanyang Anak; at, sa pagkabuhay na mag-uli, Kanya Siyang ibabangon muli, at ipagkakaloob sa Kanya ang lahat-lahat. Bibiguin ang mga anino, lahat ng mga bagay na nagpapatakot sa tao, at itong kamatayan, at kung anong malaking katakutan ang idinudulot ng kamatayan, lahat ay mabibigo, kapag nakita na nila ito.

<sup>53</sup> At binigyan Niya si Abraham ng paunang pagpapakita rito, at Siya ay dumaan sa gitna ng mga piraso ng mga hayop na pinaghati-hati. Na, ating natalakay nitong ilang mga linggong nagdaan, o nung isang linggo, po pala, o linggo bago itong huli, sa ating mga gawain; kung papaanong pinalakad Niya ang munting puting Liwanag, ang Diyos mismo, na lumakad dun sa gitna ng mga 'yun, pinagtitibay ang panunumpa sa tipan.

<sup>54</sup> At pagkatapos bumaling at pinagpala si Abraham; at itong matandang lalaking ito na siyento anyos na, at itong babae na nobenta na, ipinanumbalik sila na maging kabataang lalaki at kabataang babae uli, at nagsilang ng—ng anak na lalaki, si Isaac. Na, mula sa kanya, ay lumitaw ang Binhi ni Abraham. Mula kay Abra- . . . Mula dun, mula kay Isaac, ay lumitaw si David; mula kay David ay lumitaw si Cristo; mula kay Cristo ay lumitaw ang pagkabuhay na mag-uli ng mga patay. Tunay na maluwalhati talagang pangako! Kung paanong tumugaygay ang Diyos sa kapanahunan upang pauna nang ipakita ang mga bagay na ito!

<sup>55</sup> Pagkatapos, sa dulo, at gaya ng tinalakay na natin nitong huling ilang mga araw, bilang pambungad na tagpo, itong kung paanong lahat sila, lahat ng mga propeta ng Lumang Tipan, ay nagbilin talaga sila ng partikular na dako na paglilibingan nila.

<sup>56</sup> Ngayon kapag bumibisita kayo sa libingan, marami sa inyo, ang nag-iiwan ng mga bulaklak sa inyong mga mahal sa buhay, o sa kanilang mga libingan.

<sup>57</sup> Ngayon masdan n'yo po ito. Lahat ng mga propeta nang sinaunang panahon, kahit walang Kasulatan na maaari nilang pagbatayan, ay tulad natin na tinataglay, na bawat Makalangit na pangako ng Diyos, ay sa pamamagitan ng pangunguna ng Espiritu Santo. "Mga kalalakihan ng sinaunang panahon, sa pagkilos sa kanila ng Espiritu Santo, ay isinulat ang Salita ng Diyos." Bawat isa sa kanila, nung mamatay sila, nagbilin sila na ninanais nilang mailibing sa Palestina. Ayaw nilang . . . Sila man ay namatay sa labas ng Palestina, marami sa kanila, pero ninais pa rin nilang mailibing sa Palestina dahil ipinagkaloob ng Diyos ang pangunang mga bunga ng pagkabuhay na mag-uli sa Palestina.

<sup>58</sup> Pagkatapos nung dumating si Jesus, at ginawa ng mga tao sa Kanya ang mga sinabi ng mga propeta na gagawin ng mga

tao. Nung Siya'y ipanganak sa Betlehem, dumating Siya sa pamamagitan ng pintuan ng sabsaban, yumao sa pamamagitan ng parusang kamatayan. Nung Siya'y narito pa noon sa lupa, di Siya naglakbay ng lampas limampung milyang paglalakbay sa buong buhay Niya. Hindi siya nagpunta sa kung saan-saan; sa palibot lamang ng Palestina, subalit ang Mensahe ng Kanyang Ebanghelyo ay lumaganap sa bawat tagong lugar at sulok ng mundo.

<sup>59</sup> Ni minsan ay di Siya sumulat ng aklat sa buong buhay Niya; subalit ang Aklat, na isinulat patungkol sa Kanya, ay ang pinaka mabentang aklat sa lahat ng kapanahunan, itong Biblia. At gayumpaman, sa kabila nun, hindi Siya . . . Di pumasok ng kolehiyo sa buong buhay Niya, at sa kabila nun ay higit na mas maraming mga kolehiyo ang itinayo bilang parangal sa Kanya na—na higit sa anupamang bagay na lumitaw sa ibabaw ng lupa, o anupamang ibang pangalan o sinupamang ibang tao. At ni hindi nga Siya naglakbay ng napakalayo. Namuhay Siya ng isang mapagpakumbaba't, payak na buhay. Siya nga'y nilibak, kinutya, pinagtawanan.

<sup>60</sup> At sinabi Niya na may kapangyarihan Siya na ibigay ang Kanyang buhay, at kapangyarihan para ibangon ito. At kahit sino namang tao'y magagawa niyang ipagyabang ang bagay na gaya n'yan, puwede 'yung ipagmayabang ng kahit sino. Pero pinatunayan Niya mismo ang pinaninindigan Niya nung Siya'y magbangon nung umaga ng Pagkabuhay.

<sup>61</sup> Nung, butasan nila ang Kanyang mga kamay, at Kanyang—at Kanyang mga paa, at ang Kanyang tagiliran; at nilagyan ng putong na tinik ang Kanyang ulo. At namatay Siya, sa dakong 'yun, sumisigaw ng habag, sa Kalbaryo. Nung narito Siya noon sa lupa, Siya'y itsurang gaya ng isang tao at Siya'y kumilos na gaya ng isang tao. At nung mamatay Siya sa Kalbaryo, Siya'y sumigaw ng habag, gaya ng isang tao.

<sup>62</sup> Pero nung magbangon Siya, nung umaga ng Pagkabuhay, Kanya ngang pinatunayan na Siya'y higit sa isang tao. Siya ay Diyos. May kapangyarihan Siya na ibigay ang Kanyang buhay.

<sup>63</sup> Ngayon, ang unang-unang bagay na nangyari, nung umaga ngang 'yun, itong maliit na pangkat ng mga alagad ay talaga namang durog na durog ang puso. Wala silang kaalam-alam sa bagay na 'yun na nangyari. Ang ilan pa nga sa kanila'y gusto nang magbalik sa lambat nilang pangisda.

<sup>64</sup> Ngayon bilang munting paunang pagpapakita kung ano ba ang kamatayan, at kung paanong tunay na kakila-kilabot ang kamatayan, at sa mga nagsipagtatag hanggang sa relihiyon nating Cristiano, kung paanong ipinagkaloob ang mga pangako sa mga patriyarka na nabanggit ko ngayong umaga. Ngayon dumako na tayo sa mismong tinutumbok nito, kung nasaan nga ba ito.

65 Ang mga munting alagad na ito, matapos silang . . . munting pangkat sila na inaayawan nung simula. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Wala silang gaanong karaming mga kaibigan dito sa sanlibutan.

66 At sinumang tao na naglilingkod kay Jesus Cristo ay hindi magkakaroon ng maraming kaibigan sa sanlibutan. Tatayo at tatayo ka kasi sa pananalig na ito, nang mag-isa. Sa maraming pagkakataon ay kinakailangan mong tumayo nang mag-isa, pero ipinangako Niya na Siya’y tatayo kasama n’yo. “Sasainyo Ako hanggang sa katapusan.”

67 At ngayon, nakikinita ko Siya, halikayo’t tingnan natin ito maigi. Siya nga’y dinakip, gaya ng inaasahan nila, dahil Siya ay nagpapamalas ng mga himala. At sinasabi Niya na di Siya gumagawa sa ganang, Kanya lamang, bagkus sa kung anong ipinapakita sa Kanya ng Ama. Pero isa nga Siyang—isa Siyang gumagawa ng himala. At nung ihatid Siya sa mga kamay ni Pilato, di nga nila inaasahan na makita ang Mesiyas ng Diyos na hinubaran, ng Kanyang damit, at tumayo dun; at binugbog, at sinugatan, at hinambalos, at sinaktang maigi, at dinuraan, at di man lang nagbuka ng Kanyang bibig para magsalita ng kahit isang salita tungkol dun. Dinurog ng pangyayaring ’yun ang kanilang mga puso.

68 Ang mismong Tao na ito na nag-unat ng Kanyang kamay, at nagsabi, “Pumayapa,” at ang mga hangin at mga alon ay tumalima sa Kanya.

69 Ang Isa na Ito na nagawang pahintuin ang prusisyon ng paglilibing, at ipatong ang Kanyang kamay sa ibabaw nung kabaong, at nagsabi, “Binatilyo, sinasabi Ko sa iyo, bumangon ka,” at bumangon nga ang binatilyo.

70 Ang Isa na Ito na nagpunta minsan sa isang tahanan na ang puso nila roo’y hapis na hapis, kung saan ang anak na babae nila dun ay namatay; si Jairo, na isang munting saserdote na naupo sa piling ni Jesus, at naging mananampalataya. At Siya nga’y pumasok, at sabi, “Sumainyo ang kapayapaan, dahil ang dalaga ay hindi patay; natutulog siya.” Tiyak na napagkilala nila sa oras ding ’yun. Tiyak na may bagay ngang kahanga-hanga dun. Pumasok Siya, hinawakan ang kamay nung babae; tiningnan ang babae, at nagsabi, “Dalaga, sinasabi Ko sa iyo, bumangon ka.” At ang babaing ’yun na patay, at ang kaluluwa ay wala na sa kanya, haya’t tumayo sa kanyang paa at nabuhay muli.

71 Maging ’yung pagpunta Niya noon sa libingan ni Lazaro, na tumatangis na gaya ng isang tao, ang mga luha ay tumutulo sa Kanyang mga pisngi, habang Siya’y tumatangis at nakatayo roon. At ’yung lalaking ’yun na patay na nang mag-aapat na araw na, at ang mga uod ay gumagapang na sa loob at labas ng kanyang katawan. Pero nasaksihan nga roon na itinuwid Niya ang munti Niyang katawan nang *paganoon*, at nagsabi, “Ako

ang pagkabuhay na mag-uli at Buhay. Ang sumasampalataya sa Akin, gayong siya ma'y patay, siya nga'y mabubuhay. Ang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay di na mamamatay." Isipin n'yo nga 'yun. "Ang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay di na mamamatay."

<sup>72</sup> Grabeng pag-asa 'yun na taglay na natin ngayong umaga, kung ganoon, sa tuwing bibisita tayo sa libingan ng mga mahal natin sa buhay! Grabeng pag-asa 'yun na taglay na natin dito sa mortal nating katawan, ngayon, habang pinapatotoo ito ng Espiritu Santo, "Siya'y buhay! 'Hindi na mamamatay; may walang hanggang Buhay na." Gayong hinahatid natin ang mga katawan ng pinaka banal sa atin sa libingan, pero hayan nga't sila'y buhay sa kalooban nila. Sila'y buhay sa isang dako.

<sup>73</sup> Nung tumayo Siya noon, at nagsabi, "Ako ang pagkabuhay na mag-uli at Buhay," at naroon ang isang lalaking nakahimlay roon. Sabi Niya, "Alisin ninyo ang bato." At ang pagkabulok ng katawan ng lalaking 'yun, 'yung amoy na 'yun ng katawang tao, alam n'yo nga 'yun. Nung inalis na nila, aba, napakasama ng amoy nun na umalingasaw sa paligid. Pero nung magwika Siya, at sabihing, "Lazaro, lumabas ka!" At 'yung lalaking 'yun na patay na nang mag-aapat na araw, haya't bumangon mula sa libingan.

<sup>74</sup> Paano nga nila malulubos isipin na makita ang Tao na 'yun na may ganoong klase ng kapangyarihan, na nakabayubay sa Kalbaryo, na grabe ang tinatanggap na panlilibak, tumutulo ang naglalakihang mga dura ng mga sundalo, na nanunuya sa Kanya, sa Kanyang balbas; habang hinahatak nila ang isang sabunot na balbas mula sa Kanyang mukha, at papaluin Siya sa ulo, at sasabihin, "Magpropesiya Ka at hulaan Mo kung sino ang pumalo sa Iyo!" Nung makita nila ang mga Romanong pako na 'yun na ibinaon sa Kanyang mga kamay at Kanyang mga paa, papaano nga nila malulubos isipin na makita ang Tao na 'yun na mamamatay? Dahil, ang hinihingi nga ng Diyos ay kahalutalan, at kinuha ni Cristo ang ating kahalutalan.

<sup>75</sup> Sila nga'y bigong-bigo! Sila'y nagsibalik sa kanilang mga lambat na pangisda uli. Sabi ni Pedro, "Mangingisda na lang ako." Ang sabi nung mga alagad, "Sige't sasama na lang ako sa iyo." Ganoon ang ginawa nila. Hapak na hapak ang kalooban nila, bigong-bigo.

<sup>76</sup> Haya't ibinaba na nila ang katawan Niya, ibinalot Iyon sa kayong lino, at inihimlay Iyon sa libingan.

<sup>77</sup> At ang sabi, "Yan ang kinatapusan ng panatikong 'yan." Ganoon na lamang ang pagsalungat sa Kanya ng sanlibutan! Ang sabi nila, "Isa Siyang holy-roller. Baliw Siya. Isa Siyang—isa Siyang panatiko, at kung anu-ano pa."

<sup>78</sup> Pero ang sabi Niya’y Siya ay Diyos. Siya’y kawangis Niya. Siya’y kumilos gaya Niya. Pinatunayan Niya na Siya’y Diyos. Siyanga.

<sup>79</sup> May babae nga na ang sabi, di pa katagalan, gaya ng ilang beses ko nang nababanggit. Sabi nung babae, “Hindi Siya Diyos, Kapatid na Branham.” Isang babae sa Cristian Science, ang sabi niya, “Isa lang Siyang tao.” Sabi, “Isa lamang Siyang tao.”

<sup>80</sup> Sabi ko, “Higit Siya sa isang tao. Diyos Siya.” Sabi ko, “Alinman sa Diyos Siya o manlilinlang.”

<sup>81</sup> Sabi niya, “Buweno, patunay ang pagtangis Niya sa may libingan ni Lazaro, pinatunayan Niya dun na Siya’y wala nang iba’t tao lang talaga.”

<sup>82</sup> Sabi ko, “Nung tumangis Siya, Siya nga’y tumangis na gaya ng isang tao. Pero nung ibangon Niya ang patay, Kanyang pinatunayan dun na Diyos Siya.” Tama. Sabi ko, “Nung Siya’y magutom, nagutom Siya na parang isang tao.”

<sup>83</sup> Pero maaabot ba ’yun ng inyong kaisipan na ang isang tao ay tatayo sa palibot ng puno ng igos, sinusubukang makahanap ng makakain; at ilang araw pagkatapos nun, kukuha ng ilang tinapay, mga dalawang tinapay, at dalawa o tatlong pirasong isda, at pakakainin ang limang libong katao ng lutong isda!

<sup>84</sup> Maiisip n’yo ba ’yun na ang isang taong nakalantad dun sa Kalbaryo, nakabayubay sa pagitan ng Langit at lupa, ay iiyak, “Nauuhaw Ako, nauuhaw Ako”; at samantalang ginawa noong alak ang tubig! Ang mismong Naglalang sa—sa tubig, naroon nakalantad, sumisigaw na mabigyan ng tubig!

<sup>85</sup> Kanyang inari ang pagkakasala para sa atin, upang tayo, sa Kanyang kahirapan—kahirapan ay papaging mayaman. Siya, sa kamatayan Niya, namatay Siya gaya ng isang makasalanang; nang sa gayon tayo, sa ating kamatayan, ay mamatay na mga anak na lalaki’t anak na babae ng Diyos.

<sup>86</sup> Naiisip ko ang grabeng pagbabagong ’yun sa kamatayan. Si Tandang Tatay Hayes dito noon, nung siya ay malapit nang mamatay, tinawag niya ang mga anak niya sa tabi ng kanyang highaan. At doon, naratay siya roon dahil sa coma nang dalawa o tatlong araw. May bukambibig siyang laging sinasabi, ang sabi niya, “Anak, pinagpala ang kaluluwa ko!” Siya’y halos. . . Tinawag niya ang mga anak niya sa tabi ng highaan. Mahaba’t, puti, ang mahaba niyang balbas; sabi niya, “Anak, pinagpala ang kaluluwa ko! Iniisip n’yo na si Tatay Haya ay patay na.” Sabi niya, “Hinding-hindi ako mamamatay. Dahil kung si Jesus ay nabubuhay, ako man ay nabubuhay.” At doon nga’y nag-iwan siya ng pagpapala sa bawat isa sa kanila na mga anak niya.

<sup>87</sup> Sabi, “Itaas n’yo ang mga kamay ko.” Hindi na nga niya maitaas ang kanyang mga kamay. At isa sa kanyang mga anak na lalaki ang pumuwesto sa isang panig, itinaas ang kamay na *’yun*,

at 'yung isa itinaas naman 'yung isang kamay. Nagsimula siyang umawit. Habang ang mga mata niya ay itinataas niya para itanaw sa Langit, sabi niya, "Araw na masaya, araw na masaya, mula nang linisin ni Jesus ang aking mga pagkakasala! Itinuro Niya sa akin kung papaano—papaano manalangin at mabuhay na nagbubunyi sa bawat araw na dumarating." At ipinikit na niya ang kanyang mga mata, at yumao na para katagpuin ang Diyos. Sinasabi ko sa inyo, sa ganoong paraan ko gustong yumao. Sa ganoong paraan. Mamatay nawa ako kay Jesus Cristo.

<sup>88</sup> Pagkatapos nung makita ng mga alagad ang lahat ng 'yun, ang lahat ng pagkabigo at lahat na, na—na—na dinanas Niya, na para bang, biningo sila. Ang mga alagad ay nagsimula nang bumalik, sa panginigisda. May isa na bumalik sa trabaho niya, at 'yung isa'y sa gawi namang *ito* bumalik.

<sup>89</sup> Ngayon, gusto nating simulan ang umagang ito dun sa may libingan. Nung pagkatapos na mabuhay Siyang mag-uli, sina Maria, Marta, at si Maria—si Maria na Magdalena, at Maria na nanay ni Jesus. . . Umagang-umaga 'yun nung araw na 'yun. Inilagak nila ang Kanyang katawan sa lupa, bago sumapit ang Sabbath, at 'yun nga ang kinaugalian doon noon dahil hindi sila puwedeng gumawa ng kahit ano tuwing araw ng Sabbath. Haya't namatay Siya ng Biyernes ng hapon, nang alas tres, at nagbangon nang umagang-umagang 'yun ng Linggo ng umaga.

<sup>90</sup> Ngayon gusto ko pong klaruhin ang tanong na ito, habang narito po kayo sa umagang ito ng pagbubukang-liwayway na gawain. Marami kasing tao ang nagsasabi, "Kung ganoon bakit ang sabi Niya Siya ay lalagak. . . Siya ay mapapasa libingan, nang tatlong araw at tatlong gabi?" Hindi Niya sinabing ganun ang gagawin Niya.

<sup>91</sup> Ang sabi Niya, "Sa loob ng tatlong araw ay ibabangon Ko ang Aking katawan." Kita n'yo? Ngayon, ang dahilan kung bakit Niya 'yun ginawa ay dahil may sinabi noon si David, sa isang dako sa Kasulatan, "Hindi Ko iiwan ang Kanyang kaluluwa sa sheol, ni Kanyang titiisin ang Kanyang Banal na Ito na makakita ng kabulukan." At alam Niya na ang kabulukan ay nagsisimulang mangyari sa katawan ng tao matapos ang pitumpu't dalawang oras, tatlong araw at gabi. At sa gitna ng panahon na 'yun na tatlong araw at gabi, babangunin Siya ng Diyos. Kaya namatay Siya ng Biyernes ng hapon nang alas tres, at bumangon ng Linggo ng umaga.

<sup>92</sup> Ngayon gumawa lang tayo rito ng kaunting pagsasadula at huminto muna pansumandali at subaybayan ito. Nakikinita ko Siya, sa buong gabing 'yun. Ang kaawa-awa't matandang si Maria, na nanay, ang puso niya ay talagang durog na durog. Sinabi sa kanya ng propetisang si Ana na paglalampasan siya ng isang tabak, upang mahayag ang mga pag-iisip ng marami. Ganoon na lamang ang ginawa nilang pahirap sa Kanyang

katawan, at ang kanyang minamahal na Anak ay nakabayubay dun sa krus, at ganoon na lamang ang kadustaan na dinala Niya sa iglesya. Pero sa kabila nun, sa kanyang puso, ang pag-ibig ng isang ina'y umaabot; wala nang. . . anuman ang nagawa Niya, gaano mang kadustaan 'yun. Namatay Siya, sa parusang kamatayan, gaya ng isang—isang preso ngayon na palalakarin dun, para bitayin, o kuryentihin, o anuman. Sa ganoong paraan Siya namatay, sa kahihyan at kadustaan. Nakita n'yo na kung paano pinaparusahan ng Diyos ang kasalanan? At hayan ngang lubos-lubos ang kanyang pagtangis, marahil buong magdamag! At siya at. . .

<sup>93</sup> Si Maria Magdalena nga'y, alam niya ang kapangyarihan ni Jesus. Alam niya na may kung anong bagay sa Kanya na iba sa lahat ng iba pa. Pitong diyablo ang pinalayas sa babae.

<sup>94</sup> Bawat isa na pinalaya mula sa diyablo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Jesus Cristo, alam na alam nila kung saan sila nakatayo. Walang kahit sino ang makalalapit, hayan nga sa Kanyang dakilang Makalangit na Presensya, at mananatili na siya pa ring tao noon. Ikaw ay—ikaw ay babaguhin. May kung anong espesyal na bagay na nangyari sa iyo. Oh, magagawa mo ngang magpatayo-tayo lang, at sa sikolohiya, at kakathain mo *ito* sa isip mo, at tatanggapin *ito*, na kung anong bagay, at kung anong mga teorya, o bagay na gaya nun. Pero hindi nga tayo sumasampalataya sa teolohiya. Sumasampalataya tayo sa kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo. At kung ika'y lumapit na sa Kanyang Presensya, may kung anong bagay na magaganap sa buhay mo, na magbabago sa iyo. At di ka na katulad ng dati, kapag ang isang tao'y nanggaling na sa Presensya ni Cristo.

<sup>95</sup> Haya't ang babaing 'yun ay pitong diyablo ang pinalayas sa kanya. Pagkapalalo at paninibugho, at iniisip niya na siya'y maganda at walang katulad niya. Pero nung magsalita si Jesus at sabihin, “Luminis ka,” lahat ng 'yun ay lumisan sa kanya. Siya'y naging bagong tao. Hindi na siya maganda, sa paningin niya. Haya't kanya ngang ibinabalot ang kanyang sarili sa kagayakan ng kaamuhan at kagandahang-loob, at sumunod sa Guro. Kanya Siyang minahal.

Pagkatapos nung umagang 'yun ng Pagkabuhay nakikinita ko ang babaing ito.

<sup>96</sup> Ang mga alagad noon ay nasa baybay, hinahatak ang mga bangkang pangisda; ang ilan nga sa kanila. Ang ilan naman ay nagsisiwi na. At ang ilan ay nagpupunta sa kani-kanilang daan; babalik sa kani-kanilang ginagawa.

<sup>97</sup> At nung umagang-umagang 'yun, nakikinita ko si Maria na nanay, at Maria na Magdalena, papaakyat na noon sa gilid ng burol, para magpunta sa libingan. May mga pabango silang dala-



dala at ibang bagay. Gusto nilang pahiran ang Kanyang katawan at asikasuhin Siya.

<sup>98</sup> At, kaya naman, habang sila'y papaakyat ng burol, heto't nakikinita ko ang isa pang eksena. Tingnan natin ang eksenang 'yun dito.

<sup>99</sup> Nakikinita ko ang grupo ng ilang sundalong nakatayo roon. Nagsisipaglaro sila ng baraha, buong gabi, o—o naghahagis ng dais, o naglalaro ng dais nila, ng—ng—ng dais na inihahagis nila sa lupa. At kung anu-ano ang pinaglibangan nila dun. May isa sa kanila ang sabi, “Oo nga pala, naalala n'yo ba 'yung manlilinlang na 'yun? Ang sabi Niya 'sa loob ng tatlong araw' babangon daw Siya. Kaya ngayon tingnan nga natin. Puntahan natin 'yung libingan.

<sup>100</sup> At nakikinita ko nga ang mga sundalong 'yun na papalapit dun, at kinakalampag ang kanilang dibdib, at ipinagmamalaki ang malalaki nilang baluti nang *paganoon*, at iwinawagayway pa ang Romanong tabak nila; sinasabi, “Tingnan natin kung anong magagawa Niya!” Dahil, naseselyuhan nga ang libingan, ng Romanong selyo; sa aba niya na magtatangkang biyakin ang selyong ito. May batong nakaharang dun, na kinailangan ng buong pulutong ng senturion; 'yun nga'y, sandaang kalalakihan para maigulong ang batong 'yun dun, isang napakalaking bato na pinagulong nila sa may bukana ng libingan. Sabi, “Nasa loob Siya, di magagalaw!” At ang mga sundalo nga'y tuwang-tuwa pa.

<sup>101</sup> Pero hayan ngang parating, halos mag-uumaga na noon, habang si Maria. . . habang papaakyat sila ng burol. At hayun nga ang dalawang munting babaing ito, naglalakad dun nang umagang-umaga, marahil magkayakap pa ang bisig sa isa't isa, naglalakad. Oh! Oh, halos nakikinita ko ito nang totohanan, kung paanong naglalakad sila sa gilid ng burol. At nauulinigan ko si Maria, na nanay, sinasabi kay Maria Magdalena, “Paano pala 'yun, sino ang mag-aalis ng bato sa libingan? Ano kaya? Paano natin 'yun gagawin?”

<sup>102</sup> Buweno, naririnig ko nga si Maria na ang sabi, “Ang Diyos ang bahala sa bagay na 'yun.”

<sup>103</sup> Yun nga ang pinaka importante. Kahit ano pang. . . sabihin ng mga tao, “Paano ko naman *ito* gagawin o gagawin *iyon*?” Ang Diyos ang bahala dun. Basta magpatuloy ka lang, kita n'yo. Ang Diyos ang bahala sa lahat ng iba pang mga bagay.

<sup>104</sup> Pagkatapos, nung mga oras na 'yun, makikinita natin ang lahat ng mga bituwin na isa-isang naglalaho na. At malalaman mo na lang, iisang bituwin na lang ang natitira, yaong malaki't, maliwanag na tala sa umaga na naroon.

<sup>105</sup> At tila napapansin ko roon kung paanong ang buong bagay na 'yun, na haya't ang mga sundalo ay nagtatawa at ginagawa 'yung katatawanan. Sasabihin, “Ngayon, kita n'yo, umaga na.

Wala namang nangyayari.” At patuloy sila, sabi, “Kita n’yo isa lang Siyang manlilinlang. Isa lang Siyang tao gaya ng marami sa mga manlilinlang na ito na sumulpot sa panahon na ito, at ibang panahon, at nagawa raw ang ganito-ganyan, pero hayan namang . . . o nag-aangking nagawa raw ’yung ganoon.”

<sup>106</sup> Pero hayan nga, nung mga oras na ’yun, nakikinita ko ang lahat ng mumunting ibon, mga robin, na tumigil sa paghuni. Tumigil sa paghuni ang mga ibon. Ang sabi ng makata, “Ang Kanyang Tinig ay kay tamis na ang mga ibon ay tumigil sa kanilang pag-awit.” May bagay nga na malapit nang mangyari.

<sup>107</sup> Nakikinita ko ang dakilang Tala sa Umaga na ’yun na nakabitin sa Kanyang kinalalagyan, Na noong panimula pa ng panahon ay nakabitin na roon, at bigla na lamang gumalaw. Nakikinita ko Iyon na para bang nagpaikot. Si Maria, kanilang, pinagmamasdan Iyon. Anong ginagawa Nun? Isa ’yung Anghel, at hinahanap-hanap Nito sa buong paligid ang libingan kung saan nila Siya inihimlay. Ang Kasulatan ay handa na noong matupad.

<sup>108</sup> Kapatid na lalaki, kapatid na babae, sa tuwing ang Salita ng Diyos ay handa nang matupad, huwag kayong mag-alala, Ito’y magaganap nga roon.

<sup>109</sup> Nakikinita ko ang Tala na ’yun sa Kanyang paglalakbay, umiikot-ikot. Nakikinita ko ang mga Romano na nakatayo dun, sangdaan ang bilang nila, malalakas, nakabunot ang kanilang mga tabak, sinasabi, “Ngayon tingnan nga natin kung anong mangyayari!”

<sup>110</sup> At, bigla na lang, bumaba ang isang malaking bolang Apoy na humagibis galing Langit, na tumayo sa tabi ng libingan. At Ito pala’y ang makapangyarihang Anghel ng Diyos Na tumayo roon. Hinimatay ang mga sundalo at natumba na parang mga patay na kalalakihan, sa lupa. Sa kaunting kumpas lang ng Kanyang kamay, iniusog Niya ’yun, ’yung batong nakatakip dun; biniyak ang Romanong selyo.

<sup>111</sup> Ano ba ang halaga ng Romanong selyong ’yun sa Kanya? Haya’t wala ngang halaga’t katulad lang ng halaga ng selyo ng Estados Unidos, o ng anupamang iba, o selyo ng kung anong iglesya, o ng anupamang iba. Ang Diyos ay marapat lamang na mabuhay. Kinakailangan Niyang lumabas. Hinding-hindi Siya maaaring manatili kasama ang mga patay.

<sup>112</sup> Kaya inusog Niya ’yung bato, at gumulong ’yun. At tumayo Siya roon. Ngayon Sinong maglalakas-loob? Ang mga sundalo nga’y pinagpupulot nila ang kanilang mga kalasag at gamit, at nagsitakbo sila nang simbilis na makakaya nila, pababa dun sa halamanan, pababa ng burol; at kumakalansing ang kanilang mga gamit, ’yung mga bakal na suot-suot nila, na mga kalasag nila’t iba pang gamitan.

At doon nga'y tumayo Siya, nang mag-isa. Paglaon, sabi ni Maria. . .

113 May napakalakas na lindol nung mangyari 'yun, na inuga ang mismong lupa nung umagang 'yun. May nagsabi marahil, "Sa palagay ko'y may kung anong sumambulat sa kung saan. May. . . Marahil may—may nangyaring pagsabog kung saan, na kidlat, o anuman 'yun na tumama sa lupa." Pero, 'yun pala'y, nagbangon si Jesus mula sa patay.

114 Kaya naman nung makarating na 'yung mga kababaihan sa libingan, sina Maria at Marta, nakita nila roon ang Anghel na nakatayo roon. Sabi Nito, "Humayo kayo sabihin sa Kanyang mga alagad na Siya'y mauuna sa kanila sa Galilea, at doon ay Kanya silang kakatagpuin. Narito, sinasabi ko sa inyo. Humayo kayong dali-dali ngayon, at sabihin sa mga alagad na Kanya silang kakatagpuin gaya ng sinabi Niya na Kanya talaga silang kakatagpuin."

115 Oh, grabe talaga kapag naiisip ko 'yun! "Ang dumidinig ng Aking Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin ay may walang hanggang Buhay, at siya'y ibabangon Ko sa huling mga araw."

116 "Narito, nasabi ko na sa inyo." Ang mga anghel Niya'y pinalaganap na 'yun sa buong mundo, na, "Kung ang sinumang tao'y maglalakas-loob na tanggihan niya ang kanyang sarili, at papasanin ang kanyang krus at susunod sa Kanya, kakatagpuin Niya kayo sa pagkabuhay na mag-uli." Ano ba ang halaga ng paghahagis natin ng mumunting mga bulaklak sa ibabaw ng libingan, na sinasabi nating "abo sa abo, at alabok sa alabok"? Ang katawan ngang 'yan ay tiyak na magbabangon mula sa libingan kung paanong tiyak na tiyak na may Diyos sa Langit. "Narito, nasabi ko na sa inyo."

117 Ngayon pansinin natin. Heto nga ang dalawa sa Kanyang mga alagad ngayon. Sila'y nasa kani-kanilang daan.

118 At ang ilan sa kanila ay nagpalaot para mangisda. At heto ngang nakatayo si Jesus sa may baybayin, at tumingin Siya, at nakita Niya sila roon. At sabi Niya, "Mga anak, may tinapay ba kayo?"

119 Unang-unang bagay na sinabi Niya sa kanila, sabi, "Ihagis n'yo ang inyong lambat sa kabilang gilid." Buong magdamag silang nangingisda, pero wala silang mahuli-huli. Ganoon nga 'yun; sa maling gilid kasi kayo ng bangka nangingisda. Kaya sabi ni Jesus, "Ihagis n'yo ang lambat sa kabilang gilid."

120 At nung maihagis nila ang lambat nila sa kabilang gilid, at sinubukan nilang hilain 'yun, grabe, napakaraming isda ang nahuli na halos mapunit na nang tuluyan ang kanilang mga lambat.

<sup>121</sup> At nagsimula ngang tumingin-tingin si Pedro, sabi, “Isang Tao lang ang may kakayahang gawin ’yun.” At tumingin siya sa may pampang, at doon nga’y nakatayo Siya; may tinapay at isdang nakasalang sa apoy, na naghihintay na para sa kanila. Di na nakapaghintay si Pedro na makadaong. Tumalon siya sa tubig, at nauna na, para katagpuin Siya. Talagang nagmadali siya.

<sup>122</sup> Oh, hangad ko nga na ang bawat makasalanan sa mundo ay maging tulad nun, ngayon. Si Pedro nga’y ipinagkanulo pa Siya noon dun. Lumabas siya’t napaiyak na lang, nang grabeng pait. Ganoon nga ang kanyang pananalangin. Ninais niya talagang katagpuin si Jesus. Ninais niya talagang makapunta roon nang sa gayon makapagpatirapa siya sa Kanyang paanan.

<sup>123</sup> May dalawang lalaki dun ang pangalan, nung isa’y Cleopas, at ’yung isa. Nasa daan sila noon patungong Emaus. At habang naglalakbay sila, nalulumbay ang puso, nagdadalamhati. At sa paglalakbay nila, pinag-uusapan nila ang bagay na ’yun, oh, napakasaklap talaga. At bigla na lang, may Isa na lumabas sa mga palumpong; isang ordinaryong Tao, ang kuwelyo Niya’y di nakatupi nang paiba, o nakadamit man nang kakaiba.

<sup>124</sup> Ang pananamit Niya’y katulad ng ibang kalalakihan. Ang buhok Niya at balbas Niya ay kagaya rin ng iba sa kanila. Di Siya. . . Di Siya iba sa kanila. Hindi Siya iba sa kung anong magarbang paraan. Ang buhay Niya ang patunay kung ano nga ba ang kredensyal Niya, kung ano Siya. At ganun nga ang nais ng Diyos na maging tayo; ninanais na ang buhay natin ang maging kredensyal natin. Siyanga.

<sup>125</sup> At pagkatapos sumabay na Siya sa paglakad. Sabi Niya, “Mga kapatid, bakit kayo nalulumbay? At bakit ninyo pinag-uusapan ang bagay na ito?” Oh, gustung-gusto ko nga ’yun!

<sup>126</sup> “Aba,” sabi nila, “isa Ka bang nakikipamayan sa lugar na ito, Ginoo? Aba,” sabi niya, “ang buong bansa’y hapis na hapis. At heto kami,” sabi niya, “nasa paglalakbay kami, pauwi kami sa aming tahanan.” Sabi niya, “Aba, si Jesus na taga-Nazaret, na Propeta, siguradong-sigurado kami’t iniisip na Kanyang gagawin, sa Kanyang pagparito, na Siya ay magiging Hari ng Israel. At ngayon patay na Siya, at inililing na nila Siya. At sinibat pa nila Siya sa puso. At pinatay na nila Siya.” At sabi, “Anupa’t ito na ang ikatlong araw mula nang mangyari ’yun, mula nung patayin nila Siya.” At sabi, “May ilang kababaihan ang nagpunta roon sa libingan at—at may nakita raw pangitain ng mga Anghel, at bumalik sila’t ipinamalita na Siya ay buhay. Pero,” sabi, “oh, di namin mapaniwalaan ang kuwentong ’yun. Kaya hetong naglalakbay kami.”

<sup>127</sup> Kaya sa paglalakad dun, sabi Niya, “Mga taong haling, at makukupad ang puso, kita n’yo, na magsisampalataya sa lahat ng sinabi ng mga propeta patungkol kay Cristo, kinailangan nga

Niyang dumanas ng hirap, at babangon muli sa ikatlong araw. Buweno, makukupad kayong manampalataya!”

128 Tingnan n’yo kung gaanong kaganda nito! Grabe! Tingnan n’yo po ito, si Cristo ay nasa gitna ng mga nalulumbay at hapis ang puso! Doon Siya nagpupunta, sa gitna ng mga nalulumbay at hapis ang puso.

129 Sila nga’y lumalakad sa pinaka madilim na oras na nakita nila kailanman. Wala nang kahit anong pag-asa. Pinalayas na sila sa iglesia, sa mga sinagoga, dahil nagsisampalataya sila sa Kanya. At ngayon Siya, Na kanilang pinaniniwalaan, ay patay na. At may ilang kababaihan na dumating dala-dala ang isang kuwento tungkol sa isang pangitain, na nakakita raw sila ng mga Anghel, “Sabihin ninyo sa Kanyang mga alagad sila’y kakatagpuin Niya sa Galilea.” Pero, oh, siya nga’y. . . Di nila ’yun mapani-paniwalaan. Sila’y hapis ang puso at nalulumbay, umiiyak. At doon nga’y nagpakita ang kaibig-ibig na si Jesus, sa gitna ng mga hapis ang puso.

130 Isa pa po palang bagay, ’yun ang kauna-unahang umaga ng Pagkabuhay. Si Jesus, ang pagkabuhay na mag-uli ng lahat ng buhay, ay buhay at nasa gitna ng panahon ng tagsibol, nasa gitna ng huni ng mga ibon, nasa gitna ng pamumukadkad ng bagong mga bulaklak. Si Jesus na muling nabuhay ay nasa mismong panahon ng tagsibol, siyanga rin, ang pagsibol ng—ng pagkabuhay na mag-uli.

131 Ganun na nga’t lumakad Siya kasama nila, at nagsimulang makipag-usap sa kanila, sinasabihan sila. Sabi, “Buweno, ngayon, marapat lamang na sampalatayanan n’yo ang sinasabi ng mga propeta. Marapat lamang na sampalatayanan n’yo, ang lahat ng nasusulat sa mga Kasulatan, patungkol kay Cristo; na kinakailangan nga Niyang dumanas ng hirap, at magbabangon muli sa ikatlong araw, at iba pang bagay.” Buweno, anupa’t sila’y hapis talaga ang puso.

132 Pagkaraan nang sandali, nung pagkasalita na pagkasalita Niya, kung kung anong bagay nga sa Taong ito na kakaiba ang pagsasalita kumpara sa ibang tao. Di Siya basta ordinaryong tao lang. May kung anong bagay sa Kanya na animo’y malalim na katapatan. May kung anong bagay dun na talagang may laman, at Kanya ngang ipinaliwanag ang tungkol dun sa mga Kasulatan. Isa Siyang Tagapagturo ng Kasulatan; pinaaninaw kung paanong sinabi ng mga propetang si Cristo’y mamamatay, at babangon muli sa ikatlong araw. Doon nga’y nagsimulang mag-alab ang kanilang mga puso sa loob nila! May kung anong bagay na nagaganap.

133 At habang nagpapatuloy sila sa paglalakbay, nag-usap sila nang buong araw. Ngayon nasa ilang estadio na lang ang layo nila, mga isang milya na lang at kalahati, mula sa Jerusalem,

kung saan sila papunta. Marahan na naglalakad, kasabay ang mismong Cristo na nabuhay mag-uli, at di 'yun namamalayan.

<sup>134</sup> Makailang beses na ngang naupo Siya sa upuan sa tabi n'yo! Makailang beses na ngang tumayo Siya sa tabi n'yo sa oras mismo ng inyong mga pagsubok at pagkaligalig, at di n'yo 'yun namalayan! Makailang beses na nga Siyang naroon sa manibela nung kamuntik-muntikan na kayong mamatay sa aksidente, o naiwasan ang aksidenteng 'yun o parang ganun, at di n'yo 'yun nakilala na Siya na pala 'yun! Makailang beses na ngang kasama n'yo Siya nung wala nang laman ang gusi, at tuyo na ang banga, at wala na ngang pagkain para sa mga bata; tapos may tao na magpupunta't maglalagay ng mga pinamiling pangangailangan sa mismong pinto, o anuman! Si Cristo 'yun. Siya'y buhay ngayon. Hindi Siya patay, Siya nga'y buhay.

<sup>135</sup> Nakatabi ko ng mga ilang umaga na ang nakararaan, ang isang doktor na di talaga naniniwala sa Diyos, sa Louisville. Siya'y. . .Ako'y sumadya roon, pagkatapos kong makabalik galing Aprika. Inieksamin nila ako roon para makita kung nakakuha ba ako ng amoeba. Sabi niya, "Rev. Branham," sabi niya, "at naniniwala ka sa kalokohang ito. . .?"

Sabi ko, "Siyanga, po."

<sup>136</sup> At ang sabi niya, "Sinasabi mo ba sa akin na naniniwala ka na ang Taong 'yun ay nagbangon mula sa patay?"

Sabi ko, "Siyanga, po, naniniwala ako rito."

<sup>137</sup> At sabi niya, "Paano mo mapapatunayan sa akin na Siya'y nagbangon mula sa patay?"

Ang sabi ko, "Mapapatunayan ko na Siya ang Cristo na nabuhay mag-uli."

"Paano Niya nagawa 'yun?"

<sup>138</sup> Sabi ko, "Nabubuhay Siya sa puso ko. Sa ganyan ko nga nalalaman na buhay talaga Siya. Dito *mismo*, binago Niya ako mula sa pagiging isang makasalanan naging isang Cristiano. Binago Niya ang kalikasan ko. Binago Niya ang pag-uugali ko. Binago Niya ang lahat sa akin. Ginawa Niya akong bagong nilalang. Kaya naman alam ko, personal kong nalalaman, na Siya'y nagbangon mula sa patay."

Sabi niya, "Naniniwala akong namatay Siya."

<sup>139</sup> Sabi ko—sabi ko, "Maging ako, naniniwala ako. Haya't, namatay Siya. Oo, pero may higit pang nangyari dun, Siya'y nagbangon mula sa patay."

<sup>140</sup> At ngayon Siya'y nabubuhay na sa ating mga puso. Yan ang dahilan kung bakit masasaya tayo at nakakaawit. Yan ang dahilan kung bakit pinagtutuunan natin Siya ng pansin. Dito nga di pa katagalan, si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, may ipinangyari ritong dakilang himala para sa akin sa mismo kong

buhay. Siya'y nagpangyari rin ng mga himala sa inyo. Siya'y lumalakad kasama n'yo araw-araw. Siya'y lumalakad kasama ang bawat mananampalataya. "Narito, Ako'y sasainyo palagi, hanggang sa katapusan ng sanlibutan." Anuman ang dumating o maglaho, si Cristo'y mananatiling buhay at naghahari ngayon sa puso ng tao.

<sup>141</sup> Kaya naman, gaya ng sinasabi sa kuwento; tingnan n'yo po, bawat umaga, babangon tayong kunsumisyon na kunsumisyon agad, at lalabas, at, "Buweno, para bang kalahating tulog ako," at kung anu-ano pa. Di na nakapagtataakang nagkakaroon tuloy tayo ng altapresyon, at diabetes, at lahat na.

<sup>142</sup> Tingnan n'yo po ang maliliit na robin. Babangon siya, kada umaga, ang unang-unang gagawin niya, itataas niya ang munti niyang mukha sa kalangitan at magsisimulang umawit na nangingibabaw ang tinig. Wala nga kayong makikitang kahit isa sa kanila na may altapresyon, naglalakad na may saklay, may diabetes.

<sup>143</sup> Sabi, may isa ngang munting robin ang sabi, minsan, sabi, "Buweno, ano kayang nangyayari," sabi "sa mga taong ito, sa mga bagay na ito, sa mga nilalang na ito na tinatawag nila ang sarili nila na mga tao?" Sabi, "Aba, napakalungkot nga nila. Siguro wala silang Makalangit na Ama gaya ng mayroon kami, na nag-aalaga sa amin."

<sup>144</sup> Isang gabi, nagdaraos ako noon ng pagtitipon sa Milltown Baptist Church, nung nagpa-pastor pa ako noon dun. Pauwi ako noon kasama ang isang matagal ko nang kaibigan, para magpalipas ng gabi. At lagi kong napapansin, sa tuwing ako'y dadaan dun, may nightingale na nakadapo sa palumpong ng cedro dun. Buong gabi'y umaawit-awit siya na nangingibabaw ang tinig, singlakas ng makakaya niya. Naiintindihan ko kung bakit umaawit-awit ang mga ibon kapag umaga. Naiisip kong dahil 'yun sa nasisinagan silang mainam ng araw, kaya sila umaawit. Pero ano naman ang nagpapaawit sa nightingale?

<sup>145</sup> Kaya minsan may nakuha akong aklat at sinimulan kong basahin 'yung tungkol sa nightingale. Nasumpungan ko dun, na ang nightingale pala, ang nagbubunsod sa kanyang umawit, ay kapag pinagmamasdan nito ang kalangitan. At sa tuwing siya'y tatanaw roon at makikita niya ang mga ulap na nagsisimulang mahawi sa puwesto, haya't may makikita siyang isang bituwin, isang banaag ng liwanag, huhuni siya nang malakas at aawit na nangingibabaw ang tinig. Bakit? Dahil alam niya na may araw sa kung saan na sumisinag. Tila sinasabi niya sa mundo na ang araw ay sumisinag sa kung saan.

<sup>146</sup> At, kapatid na lalaki, kapatid na babae, hangga't narito sa kaibuturan ng puso ko, dumaaan man sa maiitim na ulap ng pasakit, at mga pagsubok at problema, kung mararamdaman ko ang Espiritu Santong kikilos nang puspusan kahit minsan,

at bibigyan ako ng biyaya, alam kong ang Kapangyarihan ng Diyos ay nananatiling buhay at naghahari sa kung saang dako. Siyanga.

<sup>147</sup> Kung puwede kong tanungin ang tala sa umagang 'yun, "Ano ang nagpapaliwanag sa iyo? Bakit ka nagliliwanag?"

<sup>148</sup> Sasabihin niya, "Hindi ako ang nagliliwanag, Kapatid na Branham," kung nakakapagsalita lamang ang bituwin. "Yang araw 'yan na nagliliwanag sa akin, kaya ako nagliliwanag."

<sup>149</sup> At ganyan din ito sa bawat tao na isang mananampalataya kay Jesus Cristo, na natatago sa Kanya. Hindi ikaw 'yan na nagliliwanag, ang Espiritu Santo 'yan na nagliliwanag sa inyo, na nagbibigay sa inyo ng pag-asang ito at kagalakang ito ng pagkabuhay na mag-uli.

<sup>150</sup> Lagi kong nababanggit noon ang tungkol sa bagay na ito, itong lagi kong naikukuwento, tungkol sa isang matandang bukal kung saan kadalasan ako noong umiinom. Nag-uumapaw at palukso-lukso ito, at lulukso-lukso, dito sa Milltown. Noon ay lagi akong nagtataka kung bakit lumulukso-lukso ang bukal na 'yun, kaya isang araw naupo ako sa tabi nun at kinausap ko 'yun. Isipin n'yo po 'yun isang lalaking nakikipag-usap sa isang bukal? Pero ako'y nakikipag-usap sa Kalikasan Na gumawa sa bukal. At napaisip ako, "Ano ang dahilan at nag-uumapaw ka, palukso-lukso? Dahil ba sa—sa mga bata na nagpupunta rito at umiinom mula sa iyo, o umiinom ako mula sa iyo, o anuman?"

<sup>151</sup> Kung makakapagsalita lamang 'yung bukal, sasabihin nito, "Hindi, Billy, hindi 'yun dahil sa umiinom ka mula rito. Hindi 'yun dahil sa kahit sino'y umiinom mula sa akin. May kung anong bagay kasi sa kalaliman ko, ang nagtutulak sa akin at nagbubunsod sa akin na mag-umapaw at magpalukso-lukso, at talaga namang kumilos na gaya nito."

<sup>152</sup> Ganyan nga rin ito, sa bawat lalaki o babae na ipinanganak sa Espiritu ng Diyos. Hindi ikaw 'yan. Hindi 'yan emosyon ng tao. Dahil ito sa pagkabuhay na mag-uli, o Kapangyarihan ng Diyos, na nasa buhay ng taong 'yun, at puspasang kumikilos tungo sa walang katapusang Buhay, kumikilos tungo sa Buhay na Walang Hanggan. May kung anong bagay roon! Hindi mo kayang kimkimin na lang at di magbunyi pilitin mo man. May kung anong bagay sa kaibuturan mo.

<sup>153</sup> Noong dumating noon si Jesus, papasok sa Jerusalem, at ang mga tao nga'y nagsiputol ng mga palmera at nagsimulang sumigaw at humiyaw at magkaingay na tulad nun. Ang ilan sa mga pormal na Fariseong naroon sabi nila, "Patahimikin Mo sila. Aba, nangingilabot kami sa ginagawa nila. Oh, grabe ang sigawan at pag-iingay ng mga taong ito!"

<sup>154</sup> Sabi Niya, "Kung patatahimikin Ko sila, ang mga bato ang dali-daling magkaka-ingay." May bagay kasing dumating. Sa



tuwing ang Buhay ay darating sa gitna ng kamatayan, may nagaganap na pagkabuhay na mag-uli; siguradong mangyayari.

<sup>155</sup> At kapag ang Buhay na nakay Jesus Cristo ay dumating sa dako kung saan natutulog ang ating mga mahal sa buhay, may magaganap na pagkabuhay na mag-uli. Ang Buhay at kamatayan ay hindi maaaring manahan na magkasama kung papaanong ganoon din ito sa kadiliman at liwanag ng umaga. Kapag ang kadiliman ay nagsimula nang . . .

<sup>156</sup> Sa pagdating nga ng liwanag ng umaga, tinutulak nito paalis ang kadiliman. Kinakailangang magliwanag ang liwanag ng umaga. Anuman ang mangyari, kapag ang mundo ay iikot at haharap dun, sa harapan mismo ng araw, darating ang liwanag sa umaga. Marapat lang.

<sup>157</sup> At kung paanong itinakda na sa Walang Hanggan, sa pag-inog Nito sa panahon ng pagparito ng Anak ng Diyos, tiyak na magkakaroon ng pagkabuhay na mag-uli sa mundong ito. At lahat ng mga natutulog sa Diyos, dadalhin ni Cristo kasama Niya sa Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Nararapat lamang. Hindi mo 'yun matatakas. Makukuha't makukuha mo ito. At paano mo ito makukuha maliban na *narito* ito?

<sup>158</sup> Nakatayo ako di pa katagalan, nakatayo ako noon sa Gary, Indiana, kung saan dinala nila ako roon sa naglalakihang mga pabrika ng bakal sa Gary. At manghang-mangha ako, habang nagmamasid-masid ako roon. Dinala ako ng superintendent sa mismong lugar, at ipinapakita niya sa akin ang buong lugar. At sabi niya . . . Pinapanood ko noon ang mga kalalakihan.

May matinis na trompang sumipol, limang minuto bago ang pagtatapos ng trabaho. Napansin ko na hinubad na nung mga trabahador 'yung suot nilang apron at inilapag nila 'yun sa ibabaw ng kanyang makinarya. At sa buong paligid, sa paikot dun sa mga makina niyang pangturno at iba pa, 'yung lalaki'y winawalis niya 'yung pasilyo, may pira-pirasong metal dun na kinolekta niya't itinumpok galing sa materyales na trinabaho niya. At pinalis niya ang lahat ng 'yun papunta sa may pasilyo. At sabi niya, "May ipapakita ako sa iyo, Rev. Branham."

Sabi ko, "Sige nga."

<sup>159</sup> Pagkatapos, umatras siya sa isang maliit na puwesto dun. Pagkatapos na mahipan 'yung pangunahing trompa, lahat ng mga trabahador ay lumabas. Pinalabas na ng gusali ang lahat; kami na lang ang natirang nakatayo roon. At may pinindot siya roong pindutan. At sa pinakalikod na likod, may narinig akong parang dagundong, at umuugong, at "burr," papalapit. Sa isip-isip ko, "Ano kaya 'yun?"

<sup>160</sup> Pagkatapos ng ilang saglit, sabi niya, "Ngayon tumayo ka lang sa gilid." Tumayo ako sa gilid.

161 May nakita akong parang riles na nakalatag mula sa likod. At nung papalapit na 'yun, heto na nga ang isang malaking magnet na bumababa mula roon. At habang dumadaan 'yung magnet sa isang hilerang 'yun, napansin ko 'yung mga pira-pirasong metal ay lumilipad para dumikit dun, nang paganoon, 'yung mga pira-pirasong metal. Napansin ko na ang ilan ay di pumaitaas. At may napansin din akong ilang piraso ng bakal na di rin pumaitaas. At bumalik 'yung magnet na 'yun sa likod sa kupola at tinu-. . . inihulog dun ang lahat ng pira-pirasong 'yun dun sa kupola, at tinunaw 'yung mga 'yun at nabuo uli.

162 Tapos sabi ko, "Buweno, bakit di pumaitaas ang lahat?" Sabi ko, "May nakikita pa akong naiwang pira-piraso."

163 Sabi niya, "Rev. Branham, tumatrabaho rin kami ng mga aluminum dito." Sabi niya, "At 'yung mga piraso ng aluminum ay di namamagnet sa magnet."

Sabi ko, "Purihin ang Panginoon!" Tapos—tapos sabi ko. . .

Sabi niya, "Anong nangyayari sa iyo?"

164 Sabi ko, "Napapaisip lang po ako." Tapos sabi ko, "Bakit—bakit 'yung ibang piraso ng bakal na 'yun ay di rin sumama paitaas?"

165 Sabi, "Kung mapapansin mo, nakaturnilyo sila sa sahig. Hindi talaga sila tatas."

Sabi ko, "Purihin ang Diyos! Hallelujah!"

Sabi niya, "Anong nangyayari, Rev. Branham?"

Sabi ko, "Napapaisip lang po ako."

Sabi niya, "Napapansin ko nga."

166 Sabi ko, "Kapatid, doon sa malayong-malayong ibayo kung saan, sa Walang Hangganan, hallelujah, may malaking magnet dun. Ang Anak ng Diyos ay lalabas, isa sa mga umagang ito. Dadaan Siya sa buong sakop ng mundo, gaya ng isang magnet. At bawat magnet na mamamagnet sa Kanya ay papaitaas para katagpuin Siya sa himpapawid, at isasama sila sa pagkabuhay na mag-uli, upang mabuhay kasama Siya, dadalhin dun sa ibayo. At itong mga lumang katawan na pinapanahanan natin, o ito ngang mayroon tayo ngayon, na tumatanda, at naluluntoy, at bumabagsak; ay ihuhulog dun sa ibayo sa kupola ng alabok, at imomolde uli, at aanyuan sa wangis ng Kanyang Sariling katawan na maluwalhati, sa huling pagkabuhay na mag-uli, sa Kanyang pagparito uli."

167 At sabi ko, "Buweno, tingnan mo, napakaraming tao ang di mamamagnet. Maraming tao kasi ang natuturnilyuhan ng iba't ibang kalagayan sa buhay, sasabihin, 'Di ko kayang gawin ito. Di ko talaga kayang gawin ito. Malaki masyado ang kapalit."

168 Kapatid, maliban na mabago ang pusong 'yan, at ang kaluluwa na 'yan ay madako sa ibayong 'yun, mamagnet sa

Diyos sa pamamagitan ng Espiritu Santo, sa pagparito ni Jesus, maiiwan ka rito sa lupa nang mag-isa. Alalahanin n'yo, may magaganap na pagkabuhay na mag-uli isa sa mga umagang ito, na 'yun lamang mga patay kay Cristo, ang dadalhin ng Diyos kasama Niya.

169 “Lumalakad kasama ang mga alagad, ipinapakilala ang Kanyang Sarili,” haya't, “ipinapakilala ang Kanyang Sarili.”

170 May mga tao nga sa akin, saanmang dako ng bansa, na sa mga pagkakataon ay tinutuya ako tungkol sa Makalangit na pagpapagaling. Hayan nga, kapatid, papaano nga ako titigil na manampalataya sa Makalangit na kagalingan, samantalang 'yun mismo ang kalikasan ng Espiritu Santo. Bawat isa na ipinanganak sa Espiritu ng Diyos ay tiyak na sasampalataya't sasampalataya sa sobrenatural, dahil bahagi siya ng Diyos, supling siya ng Diyos.

171 Sinasabi ko nga, “Kamukha ka ng tatay mo.” Sasabihin, “Nakuha mo ang ilong mo. . .” Sasabihin n'yo nakuha ko ang ilong ko sa tatay ko; nakuha ko ang bibig ko sa tatay ko. Bakit? Tatay ko siya. Nararapat lamang na kamukha ko siya.

172 Hallelujah! Kung ganoon, kung ang Diyos ang aking Ama, nararapat lamang na manampalataya ako sa sobrenatural, dahil ipinanganak ako sa sobrenatural na Espiritu. Yun ang gumawa ng sobrenatural na katauhan sa akin. Sa loob, o sa labas, ako'y—ako'y taong gawa sa putik; ika'y taong gawa sa putik. Pero sa loob, kapag ipinanganak ka sa Espiritu ng Diyos, ika'y naging sobrenatural na katauhan diyan sa loob, at 'yang sobrenatural na katauhan na 'yan ay nagugutom at nauuhaw sa Makalangit nitong Tahanan, sa ibayo. Siyanga. Amen. Pansinin n'yo ito.

173 Hayan nga sila. Narito na Siyang lumalakad ngayon. Siya ay bumangon na mula sa patay. Unti-unti nang nanunumbalik ang kagalakan. Para bang mas pindak-indak na ang hakbang ng mga alagad. May kung anong bagay na nangyari; Siya'y bumangon mula sa kamatayan.

174 Ganyan nga ito sa bawat lalaki o babae, kapag ipinanganak na siya sa Espiritu ng Diyos, at nakita na mismo ang tunay na pagkabuhay na mag-uli. Walang taong makakaalam na si Jesus ay bumangon mula sa patay, maliban na siya'y mamatay, sa kanyang sarili, kay Cristo Jesus, at maipanganak na muli, uli sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Bawat tao'y teolohiya lamang ang kanyang paniniwala, manuskrito lamang ang paniniwala, siya'y tumitingin lamang sa papel, hanggang sa ang Espiritu Santo'y magpatotoo mismo sa pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo. Kayo, galing sa patay na mga bagay ng buhay, tungo sa pinagbago at buhay na pag-asa kay Cristo Jesus. Bawat lalaki o babae na hindi 'yun taglay ay mapapahamak, sa umagang ito. Siyanga.

175 Oh, kapatid kong lalaki, kapatid kong babae, itama n'yo ang inyong sarili sa Diyos. Linisin n'yo ang pusong 'yan, tungo sa dako kung saan tumutunog ang mga kampana ng kagalakan ng Langit, at may pagkabuhay na mag-uli; si Jesus ay buhay at naghahari sa loob ng puso.

176 Pansinin n'yo noong malapit na silang tumabi sa gilid ng kalsada. Iniisip ko na kahanga-hanga talagang bagay 'yun. At ang sabi ng Biblia na sila'y patuloy sa paglalakad, sa kalsada, at sila'y nakikipag-usap sa isa't isa. At nung marating na nila ang dulo, kung saan nga sila magpapalipas ng gabi, ni ayaw nga nila Siyang umalis.

177 May kung anong di maipaliwanag na bagay sa Kanya, na kung makakasalamuha n'yo Siya, ayaw n'yong umalis Siya. Siyanga. Ngayon Siya'y . . .

Sabi nila, "Pumasok Ka't tumuloy kasama namin."

178 Gusto ko 'yun, "Pumasok Ka't tumuloy kasama namin." Bawat tao na nagkakaroon ng kaugnayan kay Jesus Cristo ay nagnanais nga na tumuloy Siya kasama nila. "Tumuloy kasama namin." Patay na ang sanlibutan. Bumangon na si Cristo. Heto nga Siya, nabubuhay kasama natin. Tama.

179 "Pumasok Ka't tumuloy kasama namin. Malapit nang . . ." At, si Jesus, ngayon tandaan n'yo, kanilang inanyayahan Siya na pumasok.

180 At bawat isang lalapit kay Cristo ay kinakailangan niyang anyayahan si Cristo sa loob ng munting bahay na tinitirhan mo. Pumapasok lamang Siya sa pamamagitan ng paanyaya. Hindi Niya ipagsisiksikan ang Sarili sa inyo. Sasabihin n'yo, "Ayaw ko ng ganyang mga bagay na pagkapanatiko lang," walang problema, huwag kayong mag-alala, hindi 'yun papasok. Pero kung kayo nga'y malugod na pumapayag at handa, at handa na iwaksi ang mga bagay sa sanlibutan!

181 Gaya nung ipinapangusap ko kagabi sa mga nagmimisyon. Sabi ko, "Siyanga, nagpupunta kayo rito sa eskuwelahan at pinag-aaralan n'yo roon ang inyong teolohiya, at magpupunta rito, mag-aaral magbasa, magsulat, at magbilang; at pupunta sa Aprika't mas dobleng beses pang isinusuplong ang isang bata dun, sa impyerno, galing sa katutubo, na dapat na lang sana'y di n'yo na lang ginawa sa simula't sapul."

182 Pero sabi ko, "Si Jesus, nung Kanyang atasan ang Kanyang mga alagad na humayo't maging mga misyonero," sabi Niya, "Narito, ipapadala Ko sa inyo ang pangako ng Aking Ama, datapuwat magsipanatili muna kayo sa bayan ng Jerusalem," hindi sa kung anong seminaryo, hindi sa kung anong eskuwela ng mga etika. Ang sinabi Niya, 'Magsipanatili kayo sa bayan ng Jerusalem hanggang sa masangkapan kayo ng Kapangyarihan galing sa Itaas. Narito, ipapadala Ko sa inyo ang pangako ng Ama, datapuwat magsipanatili kayo sa bayan ng Jerusalem

hanggang sa masangkapan kayo ng Kapangyarihan galing sa Itaas. Pagkatapos nga nito na lukuban kayo ng Espiritu Santo, kayo'y magiging mga misyonero, o mga saksi, sa Akin sa Jerusalem, Judea, Samaria, at sa kadulu-duluhang mga bahagi ng mundo.”

<sup>183</sup> At maliban na ang isang tao'y masangkapan ng Espiritu Santo; hindi ng edukasyon, hindi ng teolohiya, hindi ng pakiki-anib sa iglesya! Amen. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]...sa Jerusalem magpunta at mapuspos dun ng bautismo ng Espiritu Santo muna, ang taong ito'y di karapat-dapat sa pulpito, tama, bilang misyonero man o ano pa.

<sup>184</sup> At nung si Felipe ay magpunta roon, ang kauna-unahang misyonero na nakarating dun, nakaabot sa Samaria. At nung magpunta na siya roon, ipinangaral niya ang Ebanghelyo, pinagaling ang mga maysakit, at iminulat ang mga mata ng mga bulag, inalis ang pagkakabara sa mga tainga ng mga bingi. Nagkaroon ng malaking kagalakan sa bayan.

<sup>185</sup> At saanman magpunta ang tunay at totoong misyonero ng Diyos, o magtungo ang isang mangangaral, may pagtungog ng mga kampana ng kagalakan, ng pagkabuhay na mag-uli ni Cristo. Hinding-hindi mo maipagsasama ang kamatayan sa Buhay; maghihiwalay at maghihiwalay ito. Amen. Pagkatapos kapag si Cristo ay pumaroon na sa puso ng tao, ihihwalay ka Niya sa mga patay na bagay ng sanlibutan, patungo sa buhay na pag-asa, na isa nang bagong nilalang kay Cristo Jesus, at magiging bagong tao na. Sinasabi ko sa inyo, mga kapatid ko, kung ang sanlibutan ay nangangailangan ng kung anong bagay ngayon, 'yun ay ang tunay, totoong pagkabuhay na mag-uli ni Cristo na maipangaral sa kanila.

<sup>186</sup> Sinabi nga nila, “Pumasok Ka't tumuloy kasama namin. Ang gabi, malapit nang gumabi. Buweno, narinig namin 'yung mga kababaihan, kung anong sinabi nila, iniisip namin kung totoo bang lahat 'yun?” Dun sa paglalakad nila, iniisip 'yung kung anu-anong bagay na 'yun. Pero sabi niya, “Tumuloy Ka muna, kahit kaunting sandali lang.” Sabi nila, “Pumasok Ka't manatili muna sa amin ngayon.” Siya nga'y umakto na parang paalis na Siya agad. Maraming beses na ginagawa Niya 'yan, para makita kung anong gagawin mo. Siyanga. Kaya nung, nung mga sandaling 'yun, hiniling nila sa Kanya na tumuloy muna. Sabi nila, “Pumasok Ka.”

<sup>187</sup> Pumasok na sila, marahil tiningnan kung anong makakain, sabi, “Ngayon ano pong gusto Mong kainin?”

<sup>188</sup> At nananabik sila, sabi, “Manatili Ka sa amin. Gustung-gusto Ka talaga namin. Aba, gusto Ka nga naming maging pastor namin. May kung anong bagay sa Iyo na kaiba sa ibang tao. May kung anong bagay sa Iyo; ang pagpapaliwanag Mo ng mga Kasulatan ay may kaibhan sa ibang tao. Gusto sana namin na

Ikaw ay—ay sumama sa amin. Gusto naming makilala Mo ang kaibigan namin, si Pedro, si Santiago, at si Juan, at lahat sila. May mga kaibigan kami na mga tagasunod ni Jesus, at gusto namin na sumama Ka sa amin. Mukha kasing marami Kang nalalaman tungkol sa Kanya.” At Siya nga ’yun, Mismo. Siya ’yun. Maraming beses na umuupo Siya sa tabi mo.

<sup>189</sup> Hayan nga’t nakatayo Siya roon, at nagsimula Siyang makipag-usap sa kanila. At tapos, unang-unang mapapansin n’yo dun, nung kunin Niya ’yung tinapay. . . Dinampot Niya ’yung tinapay. Ngayon ang mga mata nila’y bulag. At nung pagputul-putulin Niya ang tinapay. Nung itaas Niya ang mga mata Niya, at binasbasan ’yun at pinagputul-putol, haya’t ang kanilang mga mata ay nabuksan. Gusto ko ’yun. Nabuksan ang kanilang mga mata. Kung mayroon ngang marapat na panahon para mabuksan ang mga mata ng iglesia ni Cristo, ito na ’yun ngayon; na pagpuputul-putulin pa ang tinapay. Nabuksan ang kanilang mga mata at nakilala nila na Siya pala ’yun.

<sup>190</sup> Oh, kaibigan, nabuksan na ba Niya ang mga mata mo sa ganoong paraan? Nabasbasan na ba Niya kayo sa ganoong paraan? Napagputol-putol na ba Niya kayo sa mga bagay ng sanlibutan, naihiwalay kayo, sa pagpuputul-putol at pagmulat na panahong ito. Yan ang kailangan na kailangan ng iglesia ngayon, isang pagpuputul-putol at pagmulat na panahon. At ang mga mata niya ay iminulat, o ang kanilang mga mata’y nabuksan, ang ibig kong sabihin, at nakilala nila Siya. Doon mismo sa pagpuputul-putol Niya ng tinapay, doon nila Siya napagkilala. Grabe, napakaraming beses. . .

<sup>191</sup> Dito di pa katagalan, may isang binibini sa panulukan dito. May TB siya. Sa palagay ko’y nakaupo siya rito sa simbahan ngayong umaga. Di ko lang maalala ang pangalan ng binibini. Dito lang siya nakatira sa pagtawid. . . Reese. Salamat, kapatid na babae. Tama. Si Gng. Reese, nakaratay siya roon, may tatlo o apat na maliliit na anak, at sumadya ako para ipanalangin siya. Dinala na nga nila siya rito sa palusugan, para mamatay. At kaya nagpunta ako roon para ipanalangin siya.

<sup>192</sup> At may di naniniwala sa Diyos na nakatira lang sa kasunod na pinto sa akin, at nagtratrabaho siya rito sa gobyerno, si G. Andrews. Kaya hayan nga papalampas na ako noon sa kanto, sakay ng luma kong bisikleta. At—at ipinanalangin ko na ’yung babae, nung isang gabi, o dalawang gabi bago ’yun. Sa bahay. Habang nakaupo ako sa harapan ng bahay ko, may ipinakita sa akin ang Diyos na pangitain na mabubuhay ang babae.

<sup>193</sup> Kaya, nagpunta na ako roon. Sabi ko, “May dala akong GANITO ANG SABI NG PANGINOON, para sa iyo. Ikaw ay mabubuhay.”

At sabi niya, “Oh, salamat sa Diyos,” kaawa-awa nga siya.

194 Sabi ko, “Ninana is mo bang tumayo at mabautismuhan sa Pangalan ng Panginoon, na magsusumamo ka sa Kanya, at ang iyong mga kasalanan ay mahugasan na?”

195 Sabi niya, “Gagawin ko ang anumang bagay na sabihin ng Diyos na gawin ko. Alalayan mo lang ako’t gabayan ako, at sabihin sa akin, at aking—aking gagawin ’yun.”

Sabi ko, “Sige po.”

196 Mga dalawang umaga pagkatapos nun, nakasalubong ko ang isang—isang lalaki na papalusing din sa kalsadang ’yun, at si G. Andrews po ito. Sabi niya, “Kung maaari’y, sandali lang, mangangaral.” Mga halos ganitong oras din ’yun ng umaga, sa palagay ko. At sabi niya, “sandali lang, mangangaral.” Sabi niya, “Saan ka—saan ka papunta?”

Sabi ko, “Sa pamilihan.”

Sabi, “Hindi ka ba nahihiya sa sarili mo n’yan?”

Sabi ko, “Ano po?”

197 Sabi, “Sinabi mo dun sa aba’t, kaawa-awang, nanay na ’yun na malapit nang mamatay, na mabubuhay siya.”

Sabi ko, “Buweno, mabubuhay namang talaga siya.”

Sabi niya, “Paano mo naman nalamang mabubuhay siya?”

Sabi ko, “Sinabi ni Jesus. Yun ang dahilan kaya alam ko.”

Sabi, “Paano mo nalaman?”

198 Sabi ko, “Nagpakita Siya sa akin ng pangitain tungkol sa babaing ito.” Gaya ng ginawa Niya roon; alam kong ’yun nga ang mangyayari. Siyanga.

199 Sabi niya, “Kung ako sa’yo mahihiya ako sa ginawa ko.” Sabi, “Lumilibot-libot ka lang at nililinlang mo ang mga tao na gaya n’yan.” Sabi, “Dapat ka ngang mahiya. Ngayon, alam mo kahit naman sa akin ay mahirap ito, sa una, na makipagkita sa iyo at sabihin sa iyo ang mga bagay na gaya nito.”

200 Sabi ko, “Ayos lang ’yun. May sarili kang mga kaisipan, at may sarili rin akong kaisipan, siyanga.” Sumampa ako sa luma kong bisikleta at umalis na.

201 Dalawang araw pagkatapos nun, ’yung asawa niya, haya’t isang Cristianong babae, nagkasakit. Pumunta ako roon, at sabi ko, “G. Andrews, baka may maitutulong ako sa inyo?”

202 Sabi niya, “Ngayon tingnan mo.” Sabi, “May magaling kaming doktor.” Sabi, “Di namin kailangan ng tulong mula sa iyo.”

203 At sabi ko, “Salamat.” Sabi ko, “Alam ko na may magaling kang doktor.” At nabanggit nga niya ang pangalan; at ’yung —’yung sinabi niya’y magaling ngang doktor dito sa bayan, isang kaibigan ko rin. Sabi ko, “Mainam nga siyang doktor.”

204 Sabi niya, “May apendisitis ang asawa ko. Ipatanggal lang namin ’yun, at ’yun na ’yun.” Sabi, “Di namin kailangan ng pana-panalangin dito.”

205 Sabi ko, “Siyanga naman, G. Andrews, pero di naman ’yun ang sinasabi ko.” Sabi ko, “Gusto ko lang namang sabihin sa iyo na puwede akong—akong magsibak ng kahoy n’yo. Puwede kong gawin ang anumang bagay para sa inyo, magpaningas ng apoy, magpainit ng uling, anumang bagay na magagawa ko.”

206 Haya’t, oh, napaka sensitibo niya sa bagay na ’yun. Ayaw niya, ng kahit anong panalangin. Sabi ko, “Ayos lang.” Kaya bumalik na ako sa bahay ko.

At nung makauwi na ako, hayan nga, dinala na nila ’yung asawa niya sa ospital.

207 At nung sumunod na umaga, nagsimula na akong rumonda. Isa po akong—isa po akong tanod, alam n’yo. At isinukbit ko na ’yung maliit kong lumang baril, at nagpunta na sa kalsada. Naglalakad na ako, sa isang daan, at tinatahak ko na ’yun.

208 At bigla-bigla na lang, hayan nga, may kung anong Bagay na nagsalita sa akin, sabi, “Umikot ka’t bumalik.” Si Jesus po na nabuhay mag-uli, “Umikot ka’t bumalik.”

Naisip ko, “Oh, buweno, kung ganun, mabuti ngang . . .”

Sabi Nun sa akin, “Bumalik ka.”

209 Umikot ako’t bumalik. Tinawagan ko ang Public Service Company. Nagbabantay rin kasi ako nung mga matataas na linya ng kuryente, siyanga rin, kaya tumawag ako, nagpaalam ako sa kanila na hindi ako makakapagtrabaho nung araw na ’yun. Medyo umaambon-ambon noon, bagamat di naman talaga ako mahahadlangan ng kaunting ulan na ’yun sa trabaho, pero bumalik pa rin ako. Di ko alam kung bakit.

210 Naupo ako at inalis ko sa pagkakadugtong ’yung munti’t luma kong baril, nakatayo ako roon at pinakikintab ko ’yun. Ako . . . Sabi ni Meda sa akin, ng asawa ko, sabi niya, “Anong ginagawa mo’t umuwi ka?”

211 Sabi ko, “Di ko alam. Sinabihan Niya ako na bumalik. ‘Ang pagsunod ay maigi kaysa sa hain, at ang pagdinig kaysa sa taba ng mga tupang lalaki.’ Kaya bumalik ako.” Naupo ako roon at pinakikintab ko ’yung munti’t luma kong baril.

212 At bigla na lang, napansin ko, may paparating ng bahay; at heto na ’yung lalaki, halos malalaglag na ang suot na sumbrero sa tagiliran, alam n’yo, at may uhog na lumalabas sa kanyang ilong, at pumasok siya. Sabi niya . . . [Kumakatok si Kapatid na Branham sa pulpito nang tatlong beses—Pat.] Sabi niya, “Gng. Branham?”

Sabi, “Ano po ’yun.”

“Narito po ba ang mangangaral?”



Sabi, "Narito." Sabi, "Tuloy ka, G. Andrews."

Sabi, "Kumusta po, mangangaral."

At sabi ko, "Magandang umaga, G. Andrews. Maupo ka."

<sup>213</sup> Sabi niya, [Sumisinghot si Kapatid na Branham—Pat.] "Nabalitaan mo—mo na ba ang tungkol kay Gng. Andrews?"

Sabi ko, "Hindi pa."

Sabi, "Buweno," sabi, "mamamatay na siya, mangangaral."

<sup>214</sup> Sabi ko, "Oh, ang saklap nun." Sabi ko, "Ikinalulungkot ko na marinig 'yan." Sabi, "Gayong, alam ko naman na may magaling kayong doktor."

At sabi niya, "Totoo 'yun," sabi niya, "pero di pala—di pala—di pala apendisitis 'yun."

Tapos sabi ko, "Hindi raw? Ano raw?"

<sup>215</sup> Sabi, "Hindi raw. Kumuha na kami ng espesyalista, mula sa Louisville." Sabi, "Pamumuo raw ng dugo. Ilang oras na lang aabot na raw sa puso niya," sabi, "umaakyat 'yun sa puso niya." Sabi, "mamamatay na siya."

<sup>216</sup> Sabi ko, "Naku, delikado nga 'yan. Ikinalulungkot kong marinig 'yan." Patuloy pa rin ako sa pagpapakintab ng baril ko.

<sup>217</sup> Sabi niya, "Buweno," sabi niya, "Buweno, uh, siya'y, uh, grabe talaga ang kalagayan niya."

<sup>218</sup> At sabi ko, "Ganoon, pala." Sabi ko, "Talaga palang. . ." Pinakakaba ko lang siya nang kaunti, kaya pinagpatuloy ko lang ang paglilinis sa baril ko.

<sup>219</sup> Sabi niya, "Buweno, uh, uh," sabi niya, "sa tingin mo matutulungan mo kaya siya?"

<sup>220</sup> Sabi ko, "Ako?" Sabi ko, "Di naman ako doktor. Di ko po alam ang gagawin ko, ginoo." Sabi ko, "Di po ako doktor."

<sup>221</sup> Sabi ko, "Buweno, uh, uh, alam mo," sabi, "uh, naiisip ko—ko—ko na marahil—marahil iyong, uh, matulungan siya kahit kaunti."

Tapos sabi ko, "Anong ibig mong sabihin?"

<sup>222</sup> Sabi niya, "Buweno, uh, alam mo, gaya nung babae dun sa may. . ."

<sup>223</sup> Sabi ko, "Yun po ba." Sabi ko, "Hindi po ako 'yun. Ang Panginoong Jesus po ang may gawa nun."

At sabi niya, "Buweno. . ."

Sabi ko, "Akala ko po hindi kayo naniniwala sa Kanya?"

<sup>224</sup> May ikinuwento siya sa aking pangyayari na matagal nang nangyari. Yung—'yung lola niya ay may, o 'yung—'yung tiyahin niya pala, sa palagay ko, nangako raw ito, na magbibigay ng limang dolyar sa isang matandang mangangaral na dumadayo—dayo sa mga kaiglesyahan sakay ng kabayo sa katapusan ng

taon. Naglalabada lang siya, at wala siyang ganoong halagang pera na maibibigay niya sa mangangaral. At dumating na 'yung araw ng laba, at 'yung mangangaral ay paparating na rin dun, at wala pa siyang pera. At ang mayroon lang siya ay sampung sentimong barya, o singko, o anuman ang presyo ng malaking lumang bareta ng sabon, at pinapunta nga siya ng tiyahing ito sa tindahan. Nung nakabalik na siya, at sabi, kinuha nung tiya 'yung—'yung bareta ng sabon, at biglang. . . at biglang umiyak. Sabi. . . Yung tiyahin niya'y napakapit na lang sa lumang apron na suot-suot nito at napapunas ng luha.

225 At naroon nga ang tiyahin sa tabi ng lumang takure, gaya ng ginagamit-gamit ng mga nanay n'yo nung unang panahon. Ngayon kasi, de pindot na lahat. Kaya wala nang ganoon, kita n'yo.

226 Kaya hayan na nga't inilagay na nung tiya 'yung sabon sa kulahan nang *paganito*. At nung pinangkukuskos na niya; para bang may naririnig siyang magaspang na kumakaluskos dun. At mangyaring napatingin siya sa ilalim nung sabon, at nung makita niya, may nakausli dun sa mismong bareta, at hayun may limang-dolyar na gintong-barya; 'yung ipinangako niyang ibibigay sa matandang mangangaral na mangangabayo. Sabi nung tiya. . .

Sabi ko, "Paano 'yun napunta dun?"

Sabi, "Buweno, paano kaya't maging ako'y nagtataka?"

227 Sabi ko, "Si Jesus na nabuhay mag-uli ang gumawa nun. Nangako kasi ang tiyahin mo nang buo't taos sa puso. Iniisip niyang kaya niyang gawin 'yun, at ang Diyos ang gumawa ng paraan para sa kanya." Sa mga pamamaraang 'yan ng paggawa Niya ng mga bagay-bagay, diyan nga Siya napagkikilala. Doon mismo sa Kanyang paggawa, sa mga bagay-bagay na Kanyang ginagawa, kung papaano Niya ginagawa ito. Sabi niya. . .

228 Sabi niya, "Buweno, iniisip ko—iniisip ko 'yun, lagi." Sabi, "Nasa puso ko lang 'yun nang matagal na panahon, iniisip ko nga noon pa kung mayroon ba talagang. . ."

Sabi ko, "Kung mayroon?" Sabi ko, "Mayroon talaga, G. Andrews."

229 Sabi niya, "Buweno, Kapatid na Branham, sa palagay mo ang asawa ko. . . Kanyang—Kanyang—Kanyang matutulungan ang asawa ko?"

Sabi ko, "Oo naman. Alam kong magagawa Niya." Sabi ko, "Maaari mo bang. . ."

Sabi niya, "Maaari mo bang ipanalangin siya?"

230 Sabi ko, "Hindi ako. Ikaw ang manalangin para sa kanya." Sabi ko, "Ikaw mismo ang mananalangin."

Sabi niya, "Buweno, di ko alam umusal ng panalangin."

<sup>231</sup> Sabi ko, “Wala ngang mangyayari, hayan nga, maliban na manalangin ka.” Sabi ko, “Lumuhod ka at makipag-usap sa Kanya.”

Sabi niya, “Buweno, paano ko ba ito gagawin?”

<sup>232</sup> Sabi ko, “Iatras mo lang ang upuan mo, at umupo ka . . . o lumuhod ka dun, sa tabi ng lamesita, at manalangin ka.”

<sup>233</sup> Kaya lumuhod na siya, at nagsimula na siyang manalangin. At sabi niya, “Ngayon,” sabi niya, “Ginoo, hindi ko po alam kung paano makipag-usap sa Iyo.” Sabi niya, “Pero kung Iyo lamang matutulungan ang aking asawa!”

<sup>234</sup> Tumayo siya at sabi, “Ano po kaya, mangangaral, kung magpunta na tayo doon ngayon sa ospital at makipag-usap sa Kanya.” Sabi, “Siguro, kung pupunta tayo kung saan naroon ‘yun sa ospital.”

Sabi ko, “Sige.” Naghanda na ang asawa ko. Nagpunta kami roon.

<sup>235</sup> At naroon nga si Gng. Andrews, di na namin maaninaw ‘yung mga mata niya, ‘yung—‘yung daloy ng dugo’y sa iba na dumidirekta, alam n’yo. Yung pamumuo ng dugo’y nakaano na sa daloy ng dugo . . . sa tubig. At di n’yo na nga maaninaw pa ang mga mata niya. Tiningnan ko siya. Oh, naku! Nagsimulang umiyak ng asawa ko.

<sup>236</sup> Lumuhod ako sa sahig at nagsimulang manalangin. Sabi ko, “Minamahal na Diyos, dalangin ko po na Iyong tulungan ang babaing ito.” Sabi ko, “Kitang-kita namin kung paanong wala kaming makapitan at wala kaming magawa. Ginawa na ng mga doktor ang lahat niyang magagawa, at sa kabila nun ay heto siyang nakaratay rito’t malapit nang mamatay.” Sabi ko, “Oh Diyos, anong puwede naming gawin? Ano pa bang puwede naming gawin sa puntong ito? Nagsusumamo kami sa Iyo. Alam namin na Ika’y bumangon mula sa patay, at Ika’y naritong nabubuhay sa piling namin. At Ikaw nga’y tunay na mahihipo gaya ng ilaw na ito na nasa aking mga kamay. Narito Ka. At nasa Iyo ang lahat ng kapangyarihan, at magagawa Mo po ito. Ngayon, Panginoon, kung kami’y matagpuan mong kaaya-aya sa Iyong paningin, lumalapit po kami na may pagpapakumbaba at humihiling ng habag para sa babaing ito.”

<sup>237</sup> Habang ako’y nananalangin, bigla na lang gumalaw ang paligid. Tumingin ako at nakita ko siya na papunta sa bahay, may dalang apple pie sa kanyang kamay, at ibinigay ‘yun sa akin. At naupo ako dun sa harap ng bahay at sinimulan kong hatiin ‘yun apple pie, at kinain ‘yun. Tumayo ako, pagkatapos Niyang ipakita sa akin ang pangitain na ‘yun.

<sup>238</sup> Ano ‘yun? Ang Panginoon na nabuhay mag-uli. Ano ngang ipinapakita nun? Na Siya’y nasa piling ng mga tao. “Ang mga bagay na Aking ginagawa . . .” Sinabi Niya dun noon sa babae

ang mga pagkakasala niya, dun sa balon. Sinabi Niya kung saan naroon si Felipe, nung siya'y nasa ilalim ng puno ng igos, nananalangin. Alam Niya kung saan naroon ang isda, na may siklong barya sa bibig nito. Sabi Niya, "Ipinapakita sa Akin ng Ama ang mga gawa, at Akin iyong ginagawa. At ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din ninyo naman." Ano 'yun? Ang pagkabuhay na mag-uli 'yun. Bumangon Siya mula sa patay. Hindi Siya patay. Narito Siya mismo sa piling natin ngayon. Siya'y totoong-totoo, na nasa silid na ito, gaya ng ilaw rito. Ganoon Siyang katotoo.

<sup>239</sup> Mangyari ngang, ang tao, mga ilang taon ang nakararaan, di nila alam kung ano ang elektrisidad, pero may gutom siya sa puso niya para sumpungan kung ano nga ba ito. Naniniwala siya na kaya niyang magpailaw. Si Thomas Edison, at kanya itong sinubukan sa makasampung libong kawad ng kuryente, pero hayan nga't may bagay siyang nasumpungan. At iniambag niya ang elektrisidad sa mundo.

<sup>240</sup> Ang mga tao nga'y naniniwala sa telebisyon, at—at lahat ng ibang bagay na ito. Inilagay na itong lahat ng Diyos dito.

<sup>241</sup> At may Kapangyarihan ang Cristong nabuhay mag-uli sa umagang ito, dito mismo sa gusaling ito, para iligtas ang bawat makasalanan, puspusin ng Espiritu Santo, at pagalingin ang bawat sakit dito sa mundo, kung alam n'yo lang ang tamang kawad na dumidirekta rito. Pag-ibig at pananampalataya nga; 'yun ang tamang kawad. Sumakay kayo rito at tugaygayin n'yo, at tingnan n'yo nga kung di Niya salitain.

<sup>242</sup> Alam n'yo, nung mahagip ni Franklin ang kidlat, di niya alam kung ano 'yung nahagip niyang 'yun. Sabi lang niya, "Nakuha ko ito. Nakuha ko ito. Nakuha ko ito. Nakuha ko ito." Alam niya na may pagkabuhay na mag-uli talaga. [Kinakatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang anim na beses—Pat.] May kung anong bagay nga siyang nahagip; di niya nga lang alam kung ano 'yun.

<sup>243</sup> Marahil may panahon na mangungusap sa iyo ang Espiritu Santo, at di n'yo nalalaman kung ano nga ba Ito; pero alam n'yo na naroon nga Ito, sa paraan ng pagkilos Niya rito. Gaya ng paraan ng paggawa ng Diyos sa mga bagay-bagay; nakilala nila Ito.

<sup>244</sup> Ito pong si G. Andrews, hayan nga, nung pauwi na nga ako haya't nabanggit ko 'yun sa kanya. At nung ikatlong araw, mga dalawang. . . Buweno, mga dalawang oras mula noon, nakauwi na kami noon. At heto siyang paparating. . .

<sup>245</sup> Ito nga ang kadalasang nangyayari, hayan nga. Hayun nga siyang papunta uli. Tinawagan kasi nila siya, sabi, "Ang asawa mo'y malapit nang mamatay." Sabi, "Nag-aagaw buhay na ang tinig niya. Pumunta ka agad."

<sup>246</sup> At heto nga siyang humahangos pabalik, bigong-bigo. Sabi, “Kapatid na Branham,” sabi, “sinasabi ng doktor na talagang mamamatay na siya.” Sabi, “Nandun mismo ang doktor. Sabi ng doktor, ‘Mamamatay na talaga siya.’”

Sabi ko, “Pero ang sabi ng Panginoong Jesus, ‘Mabubuhay siya.’”

Sabi, “Buweno, papaano ’yun . . . Kung mamamatay siya, mabubuhay ba siya?”

Sabi ko, “Buhay namang talaga siya.”

<sup>247</sup> Hallelujah! Huwag n’yo pong ikabigla ang *hallelujah*. Ang ibig sabihin nga nito’y “purihin ang ating Diyos.” Kung may umaga ngang dapat na marinig ang mga pagha-hallelujah mula sa mga tao, ito dapat ’yung umagang ’yun. Siyanga. Purihin ang ating Diyos, sa bawat anino ng kamatayan na iwinawaksi. Siya’y buhay.

<sup>248</sup> Pansinin. At sabi niya, “Buweno, ngayon,” sabi, “paano niya malalampasan ’yun?”

<sup>249</sup> Sabi ko, “Wala ako . . . Wala po sa akin ang malaman kung paano nga ba. Ang sa akin lang ay manampalataya sa sinasabi ng Diyos na Kanya nga itong gagawin.”

<sup>250</sup> Kaya nalungkot siya nang husto. At pagkatapos nagpunta na siya sa ospital.

<sup>251</sup> Heto na siyang pabalik na, at sa bahay nga’y tanaw naming papalapit na siya, nagmamadali, nagmamadali, nagmamadali. Humangos siya sa loob, sabi, “Mangangaral, alam mo ba ang nangyari?”

<sup>252</sup> At sabi ko, “Ano po, G. Andrews?” Nakaupo lang ako dun, nagpapakintab pa rin, alam n’yo.

Sabi niya, “Alam mo ba ang nangyari.”

At sabi ko, “Ano bang nangyari, G. Andrews?”

<sup>253</sup> Sabi, “Bumangon siya. Lumabas na ang lahat ng tubig na nakabara sa loob ng katawan niya. Sabi ng asawa ko, ‘halos mamatay na ako sa gutom.’” Sabi, “May nagpunta’t nagdala ng kaunting sopas. Sabi ba naman niya, ‘Ayaw ko ng sopas. Ang gusto ko’y longganisa at inatsarang repolyo.’” Gutom na gutom siya.

<sup>254</sup> Ano ’yun? Ano ’yun? Dahil nga nagbangon Siya mula sa patay. [Kinatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang limang beses—Pat.] Lumabas ang babaing ’yun ng ospital na magaling nang babae.

Siya’y buhay, Siya’y buhay, kaligtasan ang ibinibigay!

Kung itatanong n’yo kung paanong nabatid ko na Siya’y buhay? Heto nga Siya sa puso ko nananahang buhay.

255 Siyanga. Dumalaw nga Siya roon. At nung ikatlong araw matapos 'yun, nakadantay 'yung mga paa ko't nasa harap ako ng bahay, kumakain ng apple pie, na marahil, pinakamasarap na natikman ko. Bakit? Siya'y buhay. Bumangon Siya mula sa patay.

256 Ito ngang kaawa-awang babae rito, nung bumangon siya mula sa sakit na 'yun na tuberkular, at ang sinasabi ng ospital ay mamamatay na siya. Nagpunta na siya noon dito, pero noo'y tumanggi siya. Iniisip niya na pagkapanatiko, ang dumulog at mabautismuhan.

257 At nakaupo nga siya roon, na mataas na mataas ang lagnat, sa kanyang bahay, naririnig niya nga ako sa pangangaral ko mula dun, sa kanyang bahay. Nangangaral ako noon tungkol sa pagbabautismo sa tubig. Tumayo siya at nagpunta rito, at halos di na nga makalakad nang direktso papunta rito sa simbahan. At nung makaupo siya roon sa likod. At sabi niya, "Kinakailangan kong mabautismuhan." May malaking bukol na namamaga sa balikat niya. Si Gng. Weber, dito, nagpunta siya't kinuhanan ang babaing ito ng balabal, at pinasuot sa kanya. Lumusong siya dun sa tubig na pagbabautismuhan, na may lagnat, siyento kuwatro ang taas, at nabaustismuhan dun gaya ng ipinangako niya sa Diyos. At ngayon . . . Ilang taon na rin ang nakalipas mula noon. At ngayon, heto siya, nakaupo rito, buhay, ngayong umagang ito, dahil ang Diyos ay buhay at naghahari, at Siya'y bumangon mula sa patay.

258 Mga ilang linggo ang nakararaan, siya at ang anak niyang babae'y narito sa Louisville. Naglalakad sila noon dito sa may kalsada, at may mahirap, na matandang pulubing babae ang nakaupo roon. At namamalimos siya. Sabi, "Binibini, tulungan n'yo ako. Nangangailangan po ako." Sumilip siya sa bulsa niya, tamang-tama lang ang pera niya, kinse sentimos, sa palagay ko, para makatawid sila ng tulay.

259 Sumusunod-sunod 'yung pulubi. Nagpatuloy lang siya sa paglalakad sa kalsada. Ang sabi ng Panginoon sa kanya, sabi, "Ngayon, nung ikaw ang walang makapitan, tinulungan Kita. At ang babaing ito ay walang makapitan, at di mo man lang siya matulungan."

260 Naglakad pa siya nang kaunti, sabi, "Panginoon, pero kikinse sentimos lang po itong mayroon ako. Papaano po ako at ang anak kong babae makakauwi? Papaano kami makakauwi?"

Sabi Niya, "Anong prinoproblema mo? Sumunod ka lang sa Akin."

261 Bumalik siya, binalikan niya. Sabi niya, "Ginang, pasensya na po." Sabi, "Kikinse sentimos lang ang mayroon ako, ito lang ang mayroon ako, para makatawid ang anak kong babae't ako sa tulay." Sabi, "Ibinibigay ko ito sa iyo. Ito lang ang mayroon ako. Pasensya na po wala na akong maibigay."

Sabi nung pulubi, “Pagpalain kayo ng Diyos, anak.”

262 Bumaling siya, naglakad uli. Sabi ng anak niyang babae, “Ngayon, nanay, ano nang gagawin natin ngayon?” Sabi, “Sa dami po ng mga sasakyan, delikadong lumakad sa tulay.” Sabi, “Di na tayo puwedeng lumakad sa tulay ngayon.”

263 Sabi niya, “Di ko alam. Sinabi Niya sa akin na ibigay ’yun, at ’yun lang ang mayroon ako.”

264 Habang naglalakad sila sa kalsada, at bigla na lang siyang napatingin. Sabi nung anak niya, “Oh, nanay, tingnan mo! May singko sentimong barya sa lapag.” At maging siya’y napatingin, at sabi niya, “At heto may sampung sentimong barya rin.”

265 Ano ’yun? Pamamaraan Niya ng paggawa ng mga bagay-bagay. Ipinapaalam Niya sa atin na narito Siya talaga.

266 Dito nga nitong nakaraang tag-init lang, ako’y galing sa biyahe, sa mga pagtitipon. Lumapit sa akin ang asawa ko, sabi niya, “Billy, kailangan ko ng pambili. Kinakailangan ko kasing mamili na para sa bahay.”

267 May mahirap at matandang mangangaral na dumating, ang sabi, “Kapatid na Branham, wala na akong pera.” Sabi, “Ako—ako’y walang-wala ngayon. Kinakailangan kong makapunta sa Texas.” Sabi, “Basta—basta babayaran na lang kita balang araw kapag kaya ko na.” Sabi, “Matutulungan mo ba ako, ba ako?” Sabi, “Kailangan ko ng limampung dolyar.”

268 Nagpunta ako sa bangko, para tingnan kung mayroon pa ba ako. Buweno, nasa—nasa sangdaan na lang ang mayroon ako, kaya pumunta ako’t ibinigay ko sa kanya ang limampung dolyar nun. Kinuha niya ’yun at lumakad na.

269 Dumarating nga ’yung maliliit na bagay na gaya nun na di inaasahan, alam n’yo naman ’yun. Sabi ng asawa ko, “Billy, kailangan ko ng pambili ngayong umaga, dalawampung dolyar siguro, kailangan ko kasing mamili para sa bahay.” Lumakad na kami’t namili para sa bahay. Bumalik. Nakalimutan niyang bumili ng itlog. Wala kasi kaming nabili. Kaya naisip ko, “Oh, naku, buweno,” naisip ko, “siguro kailangang may sumadya nun.”

270 Kaya pinuntahan ko na, at tinutulungan ko noon si G. May, para bang . . . Walang tao sa bahay nun, at may pinapala akong lupa dun. Mangyaring napatnaw ako, at may nakita akong lumang kotseng paparating, pumarada sa gilid, at tumigil dun. May matandang mangangaral na umibis dun, parang pipilay-pilay; at heto na siyang papalapit, naupo sa harapan ng bahay, sumandal. Sa isip-isip ko, “Kawawa naman itong, matandang mangangaral na ito na pagod na pagod; dapat ko—dapat ko siguro siyang puntahan at makipagkita sa kanya.”

Nagpunta ako. Sabi ko, “Magandang umaga po.”

271 Sabi niya, “Kumusta ka, Rev. Branham?” Sabi, “Sa palagay ko di mo ako kakilala.” At sinabi niya sa akin kung sino siya. Sabi, “Isa lang ako rito sa mahihirap na mangangaral.” Sabi niya, “Galing akong Cleveland, binigyan nila ako roon ng sapat na panggasolina, para makarating dito.” At sabi, “Ang luma ko ngang kotse’y halos said na.” Sabi, “May kung anong bagay na nagsabi sa akin na magpunta rito.” Sabi, “Matutulungan mo siguro ako kahit kaunti.”

272 Tiningnan ko siya. Sa isip-isip ko, “Naku, uh,” alam n’yo. Sa isip-isip ko, “Kawawa naman ang matandang ito.”

Sabi ko, “Sige po’t manalangin tayo.”

Sabi niya, “Sige gusto kong manalangin ka. Hindi na kasi ganoong kaganda ang lagay ng balakang ko.”

At sabi ko, “Sige.” Lumuhod na kami’t nagsimula nang manalangin.

273 Nung nagsisimula na akong manalangin, sinabi sa akin ng Panginoon, “Bigyan mo siya ng limang dolyar.”

274 Sabi ko, “Buweno, Panginoon, sige po, Ikaw naman ang nakakaalam ng lahat ng ito. Ikaw, Ikaw ang nakakaalam kung mayroon pa dun, o wala na.”

Tapos sabi ko, “Ang sabi sa akin ng Panginoon bigyan daw kita ng limang dolyar.”

Sabi, “Sobra-sobra yata ’yun. Kapatid na Branham.”

275 Sabi ko, “Pero ang sabi Niya sa akin bigyan daw kita ng limang dolyar.” At sinulatan ko na ’yung tseke. Sabi ko, “Dalhin mo ito sa may Strother, maipapalit nila ito ng pera.” Sa isip-isip ko, “Ngayon ano na kaya?” Pinuntahan na niya. Nagmaneho na siya papalayo, at nagpaalam muna sandali.

276 May isang lalaking nagtratrabaho dun sa isang bahay sa dakong ’yun, nagpupunta kina G. Luther. Sabi niya, “Kumusta, mangangaral!”

At sabi ko, “Kumusta.”

277 Sabi, “Alam mo,” sabi, “May isang daang inahing manok ako sa bahay.” At sabi, “Yung mga sutil na manok na ’yun,” sabi, “Lahat na ng mamahaling patuka’y naibigay ko—ko na sa kanila’t halos lahat na, at pakain, at,” sabi, “Di ko talaga sila magawang mangitlog.” Sabi niya, “Halos isang linggo na rin ang nakararaan, lumuhod ako, sabi ko, ‘Panginoon, kung Iyo lamang—kung Iyo lamang pangangitlugin ang mga inahing manok na ito, ipamimigay ko ang kalahati ng mga itlog nila.’” Sabi, “Alam mo, nagsimula nga silang mangitlog.” Sabi, “Nung sumunod na araw nakakuha ako ng siyamnapung itlog.” Sabi niya, “May—may isang kahon ako ng mga itlog dito, na gusto kong ibigay sa iyo.” Limang dolyar, saktong-sakto talaga.



278 Ano 'yun? Pamamaraan Niya ng paggawa ng mga bagay-bagay. Ano po ba ang sinisikap kong iparating ngayong umaga? Sinisikap ko ngang sabihin ito, na, si Jesus Cristo ay buhay at naghahari. Bumangon Siya mula sa patay. Pinagputul-putol Niya ang tinapay. Namulat ang kanilang mga mata. Nakilala nila na Siya pala 'yun, sa pamamagitan ng sadyang paggawa Niya sa mga bagay-bagay. Inyong pagmasdan lang at makikita n'yo, ang pamamaraan Niya ng paggawa ng mga bagay-bagay, na Siya'y buhay at naghahari.

Siya'y buhay, Siya'y buhay, kaligtasan ang ibinibigay!

Kung itatanong n'yo kung paanong nabatid ko na Siya'y buhay? Heto nga Siya sa puso ko nananahang buhay.

279 Ang mensahe Niya'y "Humayo kayo sabihin sa Aking mga alagad na kakatagpuin Ko sila sa Galilea."

280 At ang Mensahe Niya ay, ngayon, kakatapuon Niya kayo. "Kakatagpuin ko kayo," saanmang dako na kakatagpuin Niya kayo. "Magsiparito kayo sa Akin, lahat kayo na nangapapagal at nangabibigatang lubha."

281 Pero, mga kaibigan ko, kung paano ngang ang mga taong 'yun ay ganoon na lamang ang kanilang pagkabigla, nung marinig nila ang Taong ito na nasa baybayin, sinasabi, "Thagis n'yo ang inyong lambat." Hindi nila agad nakilala. At ang mga lalaking ito sa Emaus, nung sa paglalakad nila't pakikipag-usap nila sa Kanya, haya't hindi nila agad nakilala.

282 At marami sa atin, mga kaibigan ko, ang napalampas ang hangganan ng dakilang pagtawag kay Cristo, at dahil 'yan sa di natin nakilala agad. Maraming beses, sa Harapan ng Hukuman, mapupuno 'yun ng kabiguan, kapag dun mo pa lang tunay na malalaman na ang relihiyon pala ni Jesus Cristo, ay naghahatid talaga ng kaligtasan at kagalakan at kaligayahan. Na tinawag na, gaya ng nabanggit ni Pablo nung mga panahong una, "Sa daan na tinawag na hidwa." Ang *hidwa* ay "kahibangan," alam n'yo. "Sa daan na tinawag na hidwa, ay gayon ang paglilingkod sa Panginoong Diyos ng ating mga magulang; sa daan na tinawag na hidwa."

283 Maraming pagkakataon na makakakita kayo ng mga taong galak na galak at nagbubunyi sa tuwa, at puspos ng Espiritu ng Diyos, kung saan mayroong Makalangit na pagpapagaling at mga kapangyarihan at mga kababalaghan at mga himalang nagaganap. Sasabihin nila, "Hipnotismo lang 'yan." Sasabihin nila, "Yan ay *ganito*, *ganoon*, o *ano pa*." Pero, kung babasahin n'yo lamang ang Biblia, ang Panginoong Jesus Cristo nga ito. Di n'yo lang nakikilala na Siya ito. Di n'yo lang nakikilala kung Sino ito.

284 Umaasa ako na bago matapos ang araw na ito, bago matapos ang araw na ito, na Siya'y may gagawin sa inyong buhay, na Siya'y mapagkikilala n'yo, at ang pagkabuhay na mag-uli ay sisibol sa inyong puso, kung wala pa ito riyon. At nawa. . . At mapapansin n'yo ang mga ibon na iba ang pag-awit nila ngayon. Ang kaibig-ibig na nabuhay na mag-uling si Jesus, ngayong umagang ito, ay nagbangon mula sa patay, kung kaya ang lahat ng takot sa kamatayan ay wala na. Hallelujah! Ang mga ito'y sinelyuhan na sa Dagat ng Pagkalimot.

285 Nung ang matandang banal na si Pablo ay papalapit na sa dulo ng daan, at nakaupo siya na may tanikalang nakagapos sa kanyang mga paa, at kanyang mga kamay; nagtatayo sila ng parang patong-patong na troso dun, haya't pupugutan na nila siya ng ulo. Nung sabihin nila, "Pablo, ano nang iniisip mo tungkol dito ngayon?"

286 Sabi niya, "Nakipagbaka ako ng mabuting pakikipagbaka, natapos ko ang takbo ko, iningatan ko ang Pananampalataya; at kaya buhat ngayon ay natataan sa akin ang isang putong ng katuwiran, . . . na ang Panginoon, ang tapat na hukom, ay ibibigay sa akin sa Araw na iyon; hindi lang sa akin, kundi sa lahat din ng mga naghahangad sa Kanyang pagpapakita."

287 Nung palakarin na nila siya dun sa patong-patong na troso dun, at ibinaba niya ang kuwelyo niya, at ipinatong niya ang ulo niya roon, tumitig sa kanya ang kamatayan nang mukhaan. Sabi nito, "Ngayon nakuha rin kita. Ngayon takot na takot ka."

Sabi niya, "Oh kamatayan, saan naroon ang iyong tibo?"

288 Tumingin siya roon, at nakita niya sila na naghuhukay na ng butas, para ilagay siya sa libingang 'yun. Ang sabi nung luma't maputik na libingang 'yun, "Sasaluhin kita. Aamagin kita. Pabubulukin ko ang katawan mo. Gagapang ang mga uod sa loob at labas mo. Aking . . ."

Sabi niya, "Libingan, nasaan ang iyong pananagumpay?"

289 Pero nung ibaling niya ang ulo niya sa direksyon ng Jerusalem, oh, grabe, "Pero salamat sa Diyos Na nagbibigay sa atin ng katagumpayan sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesus Cristo!" Oh, grabe!

290 Ako man ay darating sa dulo ng aking daan. Isa sa mga araw na ito, ang aking pagpapagal ay matatapos na. Sa inyo po na mga kalalakihang nakaupo rito, nakapaglaro tayo noon na magkakasama, nakapagboksing na magkakasama, nakapaglaro ng holen na magkakasama, at lahat na. Maliliit na bata pa tayo noon. Pero ngayon unti-unti ko na pong napapansin. . . Bukas ay kaarawan ko na. Kuwarenta y kuwatro na ako, bukas. Ang mga balikat ko'y nagsisimula nang humukot, at may mga kulu-kulubot nang lumalabas sa ilalim ng mata ko, at anuman itong natitira kong buhok ay nag-uuban na. Ano ito? Gumagapang na papasok ang kamatayan; unti-unti na niyang pinababagsak ako.

291 Pero, kapatid, habang humahatak pababa ang kamatayan sa isang banda, ang Buhay sa kabilang banda ay pinagbabago kang muli't maging bago. Siyanga. At isa sa mga araw na ito tatayo kayong lahat dito sa sementeryo, kung saan itinakda na ito noon pa man; at kung mamatay ako bago ang pagparito ni Jesus, sila'y magsisi-awitan ng *Only Believe*, "Lahat ng bagay ay ipangyayari, manampalataya lamang."

292 Kapag narinig n'yo na silang sinasabing, "patay na siya," tapos magsasaboy ng tipak ng lupa sa ibabaw ng kabaong ko; hindi po ako patay. Ako'y buhay, dahil Siya'y nabubuhay sa akin. Hindi po.

293 Isa sa maluwalhating umagang ito ng tagsibol, kapag tapos na ang lahat; at ang mga bomba atomika'y pinasambulat na ang mundo at inilihis na siya sa pag-ikot niya sa ibayo, at siya ay magpapaikot na nang magpapaikot, makalipas ang ilang taon, at nalinis na nang husto, naipanumbalik na; at ang mga puno ng palmera'y tutubo muli sa lupa, isang pagkabuhay na mag-uli ng kalikasan, gaya ng ginawa ng Diyos sa pasimula. Wala nang magiging polusyon sa lupa. Wala nang magiging polusyon sa hangin. At ang mga puno ng palmera, wala nang mikrobyo o sakit ang makapipinsala sa kanila kahit kailan. Ang mga puno ng mansanas ay di na tatanda. Hallelujah! Ang mundo nga'y babangon. At sa isang maluwalhati't, magandang umaga, kapag nagsisiliparan na ang naglalakihang mga ibon mula sa isang puno patungo sa isa pa, si Jesus ay magpapakita muli sa lupa. At kapag nagpakita na Siya, "ang mga namatay kay Cristo, sila'y dadalhin ng Diyos kasama Siya."

294 Magbabangon din tayo sa isang umaga ng Pagkabuhay na 'yun, siyanga rin, upang katagpuin ang ating mga mahal sa buhay at batiin sila. Hindi po ba't napaka gandang sandali ito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

295 At tatayo ako sa ibayong 'yun. . . At makikita ko roon ang matanda ko nang nanay na nakaupo ngayon diyan sa likuran ng gusali, ngayong umaga, na tumatanda na't nangangatog na, at maraming di na maigalaw sa katawan, at siya'y tumatanda na talaga. Kapag makikita ko na siya roon, at masasabi ko, "Nanay, ito po ang anak mong lalaki." At sa pagpunta ko roon haya't makikita ko ang mga mahal ko sa buhay, at ang mga minamahal kong mga kaibigan dito sa simbahan, ang kalugud-lugod na matandang Kapatid na George DeArk, lahat ng mga nagsiparoon na kay Cristo Jesus. Lahat ng minamahal kong mga kaibigan, sa kanilang pagkabuhay mag-uli, haya't sila'y makakatagpo ko.

296 At maglilibot ako't sasabihin, "Sino ang lalaking 'yan na parating?"

297 “Si Pablo ’yan. Heto rin si Silas, Heto rin si Daniel. Heto, heto rin si Ezekiel. Heto ang iba pa sa kanila.” At magsisilakad nga tayo sa Paraiso ng Diyos.

298 May tiyak na pagkabuhay na mag-uli, isa sa mga umagang ito, kaibigan. Kakatagpuin namin kayo.

299 Yung munting sanggol na namatay, na *ganito* lang kalaki, doon ay kabataang dalaga siya. At idadantay niya ang mga bisig niya sa nanay niya, at maluluha at maiiyak, at pupurihin ang Diyos sa Kanyang maluwalhating pagkabuhay na mag-uli ng Kanyang Anak, na si Cristo Jesus. Ang maluwalhating Araw na ’yun, ay darating.

300 Tayo’y nabubuhay dahil sa patotoo ng ating pagkaligtas, ang Espiritu Santo rito, na nagpapatotoong may pagkabuhay na mag-uli. Paano ’yun?

301 Noon ako’y naging makasalanan. Noon ay di ako tumatayo sa likod ng pulpito. Noon ay di n’yo ako maririnig na itinataas ko ang boses ko at magsasabi ng “amen”; nahihiya ako noon. May panahon nga noon na wala man lang akong patak ng luha sa aking mga mata; nahihiya ako noon. Isa ako noong “brusko’t basagulerong Bill.”

302 Pero, dumating ’yung isang araw, kinatagpo ako ni Jesus Cristo sa Kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Dinurog Niya ang pusong batong ’yun at kinuha ’yun sa akin. Naglagay Siya ng bagong diwa. Naglagay Siya ng bagong kalikasan. Naglagay Siya ng bagong Pagkatao rito. At ngayon, yamang Siya’y nabubuhay, ako’y nabubuhay rin.

303 At isa sa mga araw na ito, mga kaibigan, kapag sumapit na ako sa dulo ng aking daan, kagaya n’yo at ng iba pa sa atin dito, at ang mga baluti natin ay talagang laspag na, mula sa pakikipagbaka! Oh, grabe! Tingnan n’yo ang lumang kalasag, tingnan n’yo kung gaanong karaming nagniningas na suligi ang nakatusok dito na sinusubukan akong patumbahin. Ako nga’y hahandusay na lang dun at mararamdaman ko ang mga alon na paparating sa aking kaluluwa, alam ko dun na ako’y nasa dulo na ng aking daan. Kagaya ng nanay ko riyan, at lahat ng mga Branham, kapag sila’y tumanda na nang husto, nagkakaroon sila ng panginiging at marami nang di maigalaw sa katawan.

304 Hahangarin kong makatayo dun, hallelujah, inaalalayan ng tungkod, sa dulo ng daan. Huhubarin ko ang turbante ko, at ilalapag ko sa baybay-dagat; luluhod sa baybayin, at ibabalik ko ang lumang Tabak sa kaluban ng Walang Hanggan, at itataas ko ang aking mga kamay at sisigaw. At alam ko, sa paglakad ko sa libis ng lilim ng kamatayan, ang Tala sa Umaga ay magpapakita’t paliliwanagin ang daan. Iuunat ng Espiritu Santo ang nangingintab Niyang mga pakpak sa mapanganib na maputik na Jordan, at dadalhin ang mga nangapapagal nating mga kaluluwa tungo sa isang mas mabuting lupain. Siyanga, po.

<sup>305</sup> Huwag kayong matakot. “Kasamaan ay di ko katatakutan, sapagkat Ika’y sumasa akin.” “Nilamon ng pagtatagumpay ang kamatayan.” May . . . Wala nang magagawa pa ang kamatayan. May isang manunulat sinabi niya, na, “May isang bagay nga na ginawa ang Diyos sa kamatayan, inilagay Niya ito sa karwahe at itinali roon, at ipinuwesto sa hilahan ng karwahe. At ang tanging bagay na magagawa ng kamatayan ay hilahin ang mananampalataya tungo sa Presensya ng kanyang Manlilikha.” Yun lang ang tanging magagawa ng kamatayan. Isa sa mga araw na ito, hahataking pababa ng kamatayan ang mortal na bahaging ito.

<sup>306</sup> Pero kung paanong nung ako’y sanggol, may sobrenatural na bagay na naghihintay sa aking nanay, na magbibigay sa akin ng buhay, nung ako’y isilang. “Kung ang tabernakulong ito na ukol sa lupa ay masira, mayroong isa na naghihintay sa ibayo sa Kaluwalhatian,” nakahanda na roon sa ibayo, kung saan wala nang pagkakasakit o paghihirap. At kung paanong ako’y ipinanganak ng Espiritu rito, at ang Espiritu ng Diyos ay sumisigaw ng, “Abba Ama”; hindi lang ako, kundi ang bawat isa sa mundo, na ipinanganak nang muli, habang ang—habang ang espirituwal na katawang ito, ay hayang lumalago tayo sa biyaya ng ating Panginoong Jesus Cristo. Isang araw tayo’y hahakbang sa mga hangganan sa ibayo at tayo ay sasaating bagong katawan, kung saan wala nang pag-uuban ng buhok dun, paghukot ng mga balikat, o anupamang gaya nun. Tayo’y magiging batang-bata, magpakailanman, dahil si Jesus Cristo ay bumangon sa ikatlong araw pagkatapos ng Kanyang pagka- . . . pagkatapos ng Kanyang kamatayan, at nagbangong muli.

<sup>307</sup> Siya’y buhay. Siya’y naghahari. Ngayon, humayo kayo sabihin sa Kanyang mga alagad. “Humayo kayo sabihin sa Kanyang mga hirang, ‘kakatagpuin Ko sila sa Galilea.’” Isa sa mga araw na ito, sa Galilea ng Diyos, sa ibayong ’yun sa dako na ’yun, nasasabik akong katagpuin Siya sa kapayapaan, dahil Siya’y nabubuhay sa aking puso ngayon. Umaasa akong Siya’y ganoon din sa bawat isa sa inyo. At habang tayo’y . . .

<sup>308</sup> Pasensya na po kung nakain ko nang husto ang oras dito, dalawang oras na lang halos bago mag-umpisa ang gawain ng Sunday school. Maaari po bang iyuko na natin ang ating mga ulo.

<sup>309</sup> Oh Mahabaging Diyos, Lumikha ng Kalangitan at lupa, may-akda ng walang hanggang Buhay, tagapagbigay ng bawat mabuting kaloob, Ikaw ay aming pinasasalamat, ngayong umaga, para sa pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo. Halos labinsiyam na daang taon ang nakararaan, ngayong umaga, ang dakilang pangyayaring ito ay naganap. Kinakatakutan ng mga tao ang kamatayan bago ’yun; pero, nung Siya’y maparito, ay Kanya ngang kinuha ang lahat ng pagkatakot sa kamatayan palayo.

<sup>310</sup> At ngayon Siya'y buhay at naghahari sa aming mga puso. Ang sabi Niya, matapos Niyang magbangon mula sa patay, ang sabi Niya, "Ako'y sasainyo, sumasainyo palagi, hanggang sa katapusan ng sanlibutan." Labingsiyam na daang taon na halos ang nagdaan, mula nung mangyari 'yun, pero, ngayong umaga, Siya'y buhay muli sa aming mga puso.

<sup>311</sup> Kami'y nagkakatipon dito, ngayong umaga, Panginoon, upang sambahin Siya, ituro ang Kanyang Salita, madama ang Kanyang Espiritu, makipagkamay sa bawat isa; at magsabi ng, "Purihin ang Panginoon," sa bawat isa, dahil nananampalataya kami na Siya'y namatay at nagbangon muli.

<sup>312</sup> Nananampalataya kami na sa kaibuturan namin, ngayong umaga, Panginoon, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ay naghahari ang di-namamatay na Buhay sa aming pisikal na kalagayan. Nananampalataya kami na sa loob namin ay may Espiritu ng Diyos na di namamatay, na Ito'y di mamamatay kahit kailan. At Kanya nga ring... Kanya mismong sinabi, "Pagkakalooban Ko sila ng walang hanggang Buhay. Hindi sila mamamatay, at ibabangon Ko sila sa huling mga araw." Sinasampalatayan namin ito, Panginoon, dahil kami'y mga saksi sa Kanyang pagkabuhay na mag-uli.

<sup>313</sup> Ngayon, Ama, Iyo po kaming pagpalain sa buong araw na ito. Iyong pagpalain ang mga bagong bisita sa aming pinto. At ang araw na ito'y maging maligayang araw.

<sup>314</sup> At kung mayroon po rito, ngayong umaga, Panginoon, na hindi pa naipapanganak na muli, na hindi pa nalalaman ang karanasan na mabuhay kay Jesus sa ibinangon muling Buhay, sa bagong Buhay, kung saan ang mga lumang tanikala't lahat ng pagnanais sa mga bagay ng sanlibutan ay nailaglag na, at di pa nalalaman ang halaga na maging bagong nilalang kay Cristo Jesus; Oh Espiritu Santo, Ika'y kumilos sa ibabaw nila, ngayon. Iyong hingahan ang kanilang pagkatao, ng Buhay na hindi na namamatay. At nawa ang mga kampana ng kagalakan ng Langit ay magsitugtug, sa Araw ng Pagkabuhay na ito, na may mabuting balita, ngayon, at sila'y magsihayo at maging mga bagong nilalang na sa Iyo.

<sup>315</sup> Iyo pong dinggin ang panalanging ito ng Iyong lingkod, Panginoon, sapagkat aking hinihingi ang pagpapalang ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Sige po, magsitayo na tayο. Sige po, Kapatid na Neville. 

*HUMAYO KAYO, SABIHIN SA AKING MGA ALAGAD* TAG53-0405s

(Go, Tell My Disciples)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong umaga ng Linggo ng Pagkabuhay sa oras ng pagbubukang-liwayway, Abril 5, 1953 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)